



## **Kahandaan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino 8 sa Ilalim ng Enhanced MATATAG Curriculum**

Rickson C. Belmoro

Pangasinan State University – School of Advanced Studies

[ricksoncastillo25@gmail.com](mailto:ricksoncastillo25@gmail.com)

Petsa ng Pagsumite:

**Marso 22, 2026**

Petsa ng Pagtanggap:

**Abril 25, 2026**

Petsa ng Paglathala:

**Mayo 20, 2026**

DOI:

**10.5281/zenodo.20311877**

### **Abstrak**

Ang pananaliksik na ito ay naglayong suriin ang antas ng kahandaan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino 8 sa ilalim ng Enhanced MATATAG Curriculum sa ikaanim na distrito ng Pangasinan. Ginamit sa pag-aaral ang deskriptibong pamamaraan ng pananaliksik (Explanatory Sequential Mixed Method) at kinalap ang datos mula sa tatlumput dalawang (32) guro sa pamamagitan ng isang estrukturadong talatanungan. Sinuri sa pag-aaral ang propayl ng mga kalahok, ang kanilang kahandaan sa aspeto ng kagamitang pampagtuturo, pagsasanay, kaalaman, at kumpiyansa, pati na rin ang ugnayan ng kanilang demograpikong katangian sa kanilang antas ng kahandaan. Batay sa mga natuklasan, ang mga guro ay nagtataglay


ng sapat na kwalipikasyong akademiko at espesyalisasyon sa Filipino, kung saan ang kalahati sa kanila ay nasa posisyong Teacher III. Ang pangkalahatang antas ng kahandaan ng mga guro ay nakakuha ng weighted mean na 4.39, na nagpapahiwatig ng "Mataas na Kahandaan." Sa iba't ibang dimensyong sinuri, ang aspeto ng "Kumpiyansa sa Pagtuturo" ang nakapagtala ng pinakamataas na marka mean na 4.61, na nagpapakita ng positibong sikolohikal na disposisyon ng mga guro sa kabila ng mga pagbabago sa curriculum. Gayunpaman, natukoy din ang ilang hamon tulad ng limitadong suportang administratibo at kakulangan sa opisyal na kagamitang pampagtuturo mula sa kagawaran. Lumabas sa istadistikal na pagsusuri na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng propayl ng mga guro at ng kanilang antas ng kahandaan, na batay sa datos na nalikom, ang pagiging handa ay isang kolektibong katangian na hindi nakadepende sa edad, kasarian, o haba ng serbisyo. Bilang konklusyon, bagaman handa ang mga guro sa aspetong internal, kinakailangan pa rin ang mas malakas na suportang teknikal at lohistik. Iminumungkahi ng pag-aaral ang pagpapatatag ng mga School-Based Learning Action Cell (SLAC) sessions at ang pagbuo ng mga lokalisdong kagamitang pampagtuturo upang masigurong magiging epektibo ang implementasyon ng MATATAG Curriculum sa asignaturang Filipino.

**Mga Susing Salita:** *Kahandaan ng Guro, Enhanced MATATAG Curriculum, Pagtuturo ng Filipino, Kagamitang Pampagtuturo, Mungkahing Gawaing Interbensiyon, Edukasyong Pampedagohiya, Mixed Method na Pananaliksik, Propesyonal na Pag-unlad*

### **INTRODUKSIYON**

#### **Kaligiran ng Pag-aaral**

Patuloy na sumasailalim ang sistema ng edukasyon sa Pilipinas sa mga pagbabago at reporma upang mapataas ang kalidad ng pagkatuto ng mga mag-aaral at maitaas ang antas ng kanilang kakayahang makipagsabayan sa pandaigdigang larangan. Ang pagpapakilala ng Enhanced MATATAG Curriculum sa



Pilipinas ay nagmarka ng isang mahalagang yugto sa reporma ng edukasyon, na naglalayong lutasin ang mga hamon sa dating *curriculum* ng K-12 tulad ng *curriculum congestion* at kakulangan sa mapagkukunan, palakasin ang pundasyon sa pagkatuto, at iayon ang pagtuturo sa mga layunin ng pambansang pag-unlad.


Bilang sentro ng anumang reporma, ang mga guro lalo na sa pagtuturo ng Filipino 8, ay may mahalagang papel sa matagumpay na implementasyon nito. Kamakailang pag-aaral ay nagpapakita na ang MATATAG ay pangkalahatang positibong tinatanggap ng mga guro dahil sa epektibong pagpapatupad at pagpapalakas ng kasanayan, ngunit kinikilala rin ang mga hamon tulad ng kakulangan sa pagsasanay at sobra sa *workload*. Ang pag-unawa sa kahandaan ng mga guro sa Filipino 8 ay kritikal, lalo na pagkatapos ng mga reporma at pandemya, upang masiguro ang epektibong paghahatid ng *curriculum* at pagpapahusay ng wikang Filipino.

Ayon sa Department of Education (DepEd), ang K to 12 Basic Education Program, na ipinatupad noong 2013, ay nagkaroon ng mga isyu tulad ng pagkakabigatan ng *curriculum* at hindi sapat na paghahanda ng mga mag-aaral para sa mas mataas na antas ng edukasyon at trabaho. Upang tugunan ito, ipinakilala ng DepEd ang MATATAG *Curriculum* noong 2023 bilang bahagi ng Sulong Edukalidad na inisyatiba, na naglalayong gawing mas epektibo at humanisado ang pagtuturo sa pamamagitan ng pagtutok sa mga batayang kasanayan sa pagbasa, pagsusulat, at kritikal na pag-iisip. Ang enhanced na bersyon ng MATATAG *Curriculum*, na nagsisimula sa phased implementation sa Taong panuruan 2024-2025, ay nagdadagdag ng mga pagbabago tulad ng mas maikling oras ng klase (45 minuto) at mas nakatuon na mga kompetensi upang bawasan ang pagkakabigatan at mapahusay ang pagkatuto ng mga mag-aaral, (*DepEd Memorandum 54, s. 2023*).

Pormal na nailatag ang mga alituntunin ng *curriculum* na ito sa pamamagitan ng DepEd Order No. 010, s. 2024 (*Policy Guidelines on the Implementation of the MATATAG Curriculum*) na nagtatakda ng kabuoang disenyo, estruktura, at implementasyon ng bagong *curriculum* sa Kindergarten hanggang Baitang 10. Itinakda ang *phased implementation* ng bagong *curriculum* upang hindi mabigla ang mga guro at mag-aaral, at upang maayos na maisagawa ang transisyon. Ang implementasyon ay isasagawa sa mga sumusunod na yugto. Taong Panuruan 2024-2025 (kinder, baitang 1, 4, at 7); taong panuruan 2025-2026 (Kinder, Baitang 1-2,4-5 at 7-8); taong panuruan 2026-2027 (kinder, baitang 1-3, 4-6, at 7-9); at taong panuruan 2027-2028 (kinder hanggang baitang 10).

Sumunod na inilabas ang DepEd Order No. 012, s. 2024 (*Amendment to the Policy Guidelines on the Implementation of the MATATAG Curriculum*) na nagbibigay ng angkop sa oras at iskedyul ng pagtuturo, alinsunod sa kakayahan ng mga paaralan at guro. Layunin ng MATATAG *curriculum* na paikliin at gawing mas malinaw ang bilang ng kasanayang pampagkatuto, magbigay ng masusing pagtutok sa batayang kasanayan gaya ng pagbasa, pagsusulat, numerasiya, at kritikal na pag-iisip, at higit na ipaloob ang makabayang pagpapahalaga at pagkakakilanlan ng Pilipino sa mga asignatura.

Sa konteksto ng asignaturang Filipino, partikular sa Baitang 8, ang *curriculum* ay nagbabago sa pamamagitan ng pagtutok sa mga kasanayang komunikatibo at kultural, tulad ng pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan mula sa Panahon ng Espanyol, Propaganda at Himagsikan hanggang sa Hapones, pagbuo ng mga sanaysay na may kritikal na pag-iisip, at paggamit ng wikang Filipino sa wastong himig at konteksto. Halimbawa, ang mga lesson exemplars para sa Filipino 8 ay naglalaman ng mga gawain na nag-uugnay ng wika sa kultura at modernong isyu, na naglalayong paunlarin ang pagmamahal sa sariling wika habang sinusuportahan ang mga layuning pang-edukasyon ng MATATAG, tulad ng pagpapahusay ng literasiya sa wikang Filipino bilang medium ng instruasyon. Gayunman, ang tagumpay ng implementasyon ng bagong *curriculum* ay higit na nakasalalay sa kahandaan ng mga guro. Ipinapakita ng mga naunang pananaliksik (Larono, 2025) na ang kahandaan ng mga guro na tumutukoy sa kanilang kaalaman, kasanayan, at saloobin



ay mahalagang salik upang maging matagumpay ang anumang reporma sa edukasyon. Kung hindi handa ang guro, maaring hindi maisakatuparan nang lubos ang mga layunin ng *curriculum*. Kaya't napapanahon at makabuluhan ang pananaliksik na ito upang masukat ang antas ng kahandaan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino 8 sa ilalim ng Enhanced MATATAG *Curriculum*, alamin ang kanilang mga hamon, at makapagbigay ng mga konkretong mungkahing interbensiyon para sa mas epektibong implementasyon.

Sa epektibong implementasyon, ang mga handang guro ay nakapagbibigay ng mga estratehiyang naaayon sa mga pangangailangan ng mag-aaral, na nagiging sanhi ng mas mataas na antas ng pagkatuto at pagmamahal sa pag-aaral. Sa konteksto ng Filipino 8 sa ilalim ng Enhanced MATATAG *Curriculum*, ang kahandaan na ito ay naglalaman ng mga kasanayang pedagohikal tulad ng paggamit ng mga interaktibong gawain sa pagsusuri ng panitikan at pagbuo ng mga tekstong orihinal, na naaayon sa mga pamantayang batay sa *21st-century skills*. Gayunpaman, may mga posibleng hamon tulad ng kakulangan sa pagsasanay, limitadong materyales tulad ng mga kagamitang pampagtuturo sa Filipino, at pag-aangkop sa mas maikling oras ng klase, na maaaring magdulot ng *stress* sa mga guro, (Abelgas et al., 2024)

Sa kabilang banda, ang mga oportunidad ay kinabibilangan ng mas malakas na suporta mula sa DepEd tulad ng mga training modules at ang pagkakataon na i-integrate ang teknolohiya sa pagtuturo ng wika, na maaaring mapahusay ang pakikisangkot ng mga mag-aaral sa Filipino bilang asignatura (Demate et al., 2025)

Ang pag-aaral ng kahandaan ng mga guro ay nagiging kritikal dahil ang Filipino, bilang *core subject*, ay naglalaro ng mahalagang papel sa pagbuo ng pambansang pagkakakilanlan at komunikasyon, at ang hindi paghahanda ay maaaring magbunga sa mababang performans ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino, na nakaaapekto sa kanilang kabuuang pagkatuto (Marzo et. al., 2025).

Bagaman may mga umiiral na pag-aaral tungkol sa kahandaan ng mga guro sa MATATAG *Curriculum*, ang mga ito ay karaniwang nakatuon sa pangkalahatang antas ng elementarya o sa mga asignaturang tulad ng Mathematics at English, na nag-iiwan ng puwang sa espesipikong konteksto ng Filipino 8 (Paler et al., 2025). Halimbawa, ang mga pananaliksik ay madalas na tumitingin sa mga hamon sa implementasyon sa *primary level* o sa mga pangkalahatang persepsyon ng mga guro, ngunit hindi sapat ang pagsusuri sa mga natatanging aspekto ng pagtuturo ng wika at panitikan sa Junior High School, tulad ng pagsusuri ng panitikan at pagbuo ng mga tekstong kritikal sa ilalim ng enhanced na disenyo ng *curriculum*, (Yunting et al., 2025).

Ang research gap na ito ay lalong lumalabas sa kakulangan ng mga pag-aaral na nakatuon sa mga guro ng Filipino sa Baitang 8, kung saan ang Enhanced MATATAG ay nagdadagdag ng mga bagong kompetensi tulad ng pag-uugnay ng kultural na konteksto sa modernong wika, na hindi pa nasusuri nang lubos. Ayon sa mga naunang pananaliksik, habang may mga tala ng kakulangan sa pagsasanay para sa MATATAG *curriculum*, walang detalyadong pagsusuri sa kung paano nakakaapekto ito sa pagtuturo ng Filipino, na maaaring magdulot ng hindi pantay na implementasyon sa iba't ibang rehiyon ng Pilipinas (Bazar, 2025).

Ang pag-aaral na ito ay kinakailangang pag-aralan dahil sa pangangailangang magbigay ng empirikal na ebidensya upang suportahan ang mga patakaran ng DepEd sa pagpapatibay ng kahandaan ng mga guro, partikular sa mga asignaturang tulad ng Filipino na mahalaga sa pagpapanatili ng kultural na pagkakakilanlan. Sa gitna ng mabilis na pagbabago sa *curriculum*, ang hindi paghahanda ay maaaring magpabagal sa pag-unlad ng mga mag-aaral sa literasiya sa wikang pambansa at panitikan, na nakakaapekto sa kanilang kakayahang makipag-ugnayan at mag-isip nang kritikal. Ito ay nagbibigay-daan sa pagbuo ng

mga targeted na interbensyon, tulad ng mga lokalisdong training, upang mapahusay ang kalidad ng edukasyon at tugunan ang mga isyu sa *learning crisis* sa Pilipinas (Linggas, 2025).

Bukod pa rito, ang pag-aaral na ito ay nag-aambag sa mas malawak na diskurso sa edukasyonal na reporma sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga gabay sa mga oportunidad para sa propesyonal na pag-unlad ng mga guro, na maaaring gamitin ng DepEd sa pagpapalano ng mga susunod na hakbang sa MATATAG implementation. Sa huli, ito ay tumutulong sa pagtugon sa mga layunin ng Sustainable Development Goal 4 para sa pagkakaroon ng *quality education*, na nagbibigay-prayoridad sa mga lokal na konteksto tulad ng pagtuturo ng Filipino.

Layunin ng pananaliksik na ito na suriin ang antas ng kahandaan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino 8 sa ilalim ng Enhanced MATATAG *curriculum*. Partikular na sa mga sumusunod na konsepto: Una, matukoy ang profayl ng mga gurong nagtuturo ng Filipino 8 sa ilalim ng Enhanced MATATAG *curriculum*. Ikalawa, matuklasan ang antas ng kahandaan ng mga guro batay sa pagbuo at paggamit ng materyal sa pagtuturo, pagsasanay at propesyonal na pag-unlad, kaalaman at kasanayan sa *curriculum*, at kumpiyansa sa pagtuturo. Ikatlo, makita kung may makabuluhang pagkakaiba ang antas ng kahandaan batay sa profayl gaya ng edad, karanasan, natamong edukasyon at pagsasanay. Ikaapat, matukoy ang mga hamon ng mga gurong nagtuturo ng Filipino sa ilalim ng Enhanced MATATAG *curriculum*. At ang huli ay makabuo ng mungkahing interbensyon upang makatutulong sa pagpapahusay sa kahandaan ng mga guro sa Filipino 8.

### **Paglalahad ng Suliranin**

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong suriin ang kahandaan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino 8 sa ilalim ng Enhanced MATATAG *Curriculum*. Upang higit na maisakatuparan ang layunin ng pananaliksik na ito, ang mga sumusunod na katanungan ay kinakailangang bigyan ng makabuluhang kasagutan.

1. Ano ang profayl ng mga gurong nagtuturo sa Filipino 8 batay sa kanilang:

- a. kasarian;
- b. edad;
- c. bilang ng taon sa pagtuturo;
- d. natapos na digri at espesyalisasyon;
- e. pinakamataas na antas ng natamong edukasyon;
- f. bilang ng dinaluhang pagsasanay kaugnay sa pagtuturo ng Filipino; at
- g. posisyon sa trabaho?

2. Ano ang antas ng kahandaan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino 8 sa ilalim ng Enhanced MATATAG *curriculum* batay sa mga sumusunod na aspekto:

- a. pagbuo at paggamit ng mga materyal sa pagtuturo;
- b. pagsasanay at propesyonal na pag-unlad;

- c. kaalaman at kasanayan sa *curriculum*; at
  - d. kumpiyansa sa pagtuturo?
3. May makabuluhang ugnayan ba ang antas ng kahandaan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino 8 sa kanilang propayl?
  4. Ano-ano ang mga hamon ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino 8 sa ilalim ng Enhanced MATATAG *curriculum*?
  5. Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral, ano ang mabubuong mungkahing gawaing interbensiyon upang lalong mapahusay ang kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino 8 ?

### Haypotesis ng Pag-aaral

Ang haypotesis para sa pagsisiyasat sa pananaliksik na ito ay may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng profal ng mga guro at ang kanilang antas ng kahandaan sa pagtuturo ng Filipino 8 sa ilalim ng Enhanced MATATAG *curriculum*.

### Kahalagahan ng Pag-aaral

Sa pag-aaral na ito, layon nitong masuri ang kahandaan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino 8 sa ilalim ng Enhanced MATATAG *curriculum* at matukoy ang mga hakbang upang higit pang mapabuti ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Gayundin, makatutulong ito upang magsilbing gabay para sa makabuluhang pagtuturo ng mga guro. Ang resulta ng pag-aaral na ito ay mahalaga sa mga sumusunod:

**Kagawaran ng Edukasyon (DepEd).** Ang resulta ay makatutulong sa pagbalangkas ng mas epektibong polisiya at suporta para sa guro at sa mas matagumpay na pagpapatupad ng *curriculum*.

**Pamunuan ng paaralan.** Kung saan gagamit ng resulta ng datos ng pananaliksik na ito bilang batayan sa pagdidisenyo ng mga programang pampropesyonal at pagsasanay para sa kanilang mga guro.

**Guro.** Magkaroon ng malinaw na pag-unawa sa kanilang kasalukuyang kahandaan at makikilala ang mga larangang dapat pa nilang paunlarin. Ang mga mungkahi para sa *Learning Action Cell (LAC) session* ay magsilbing gabay para sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahan at kasanayan sa pagtuturo.

**Mag-aaral.** Ang mga mang-aaral ay direktang makikinabang mula sa mas mahusay na pagtuturo ng Filipino 8 na nakaangkla sa mga layunin ng Enhanced MATATAG *Curriculum*.

**Para sa mga susunod na mananaliksik.** Magiging dagdag na sanggunian para sa mga susuri ng kahalintulad na paksa hinggil sa *curriculum*, implementasyon, at kahandaan ng mga guro.

### Saklaw at Delimitasyon

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa piling pampublikong paaralan ng Schools Division Office of Pangasinan II na sakop ang ika-6 na distrito ng Pangasinan, na kasalukuyang nagpapatupad ng Enhanced MATATAG *Curriculum* sa Filipino 8. Ang mga kalahok ay ang mga guro sa Filipino sa ikawalong baitang (grade 8) ng Junior High School. Ang mga gurong kalahok ay mula sa mga paaralang pansekondarya sa bayan ng Asingan, Balungao, Natividad, Rosales, San Manuel, San Nicolas, San Quintin, Sta. Maria, Tayug, at Umingan lalawigan ng Pangasinan. Sa kasalukuyan, mayroong 61 na pansekondaryang paaralan

sa distrito 6 sa lalawigan ng Pangasinan kung saan manggagaling ang respondante ng pananaliksik. Ngunit isasaalang-alang ang sampling na gagamitin ng pag-aaral sa pagpili ng kalahok.

Ang saklaw ng pananaliksik ay nakatuon lamang sa pagsusuri ng antas ng kahandaan batay sa materyal, pagsasanay, kaalaman, kakayahan, at kumpiyansa, aalamin din ang mga hamon ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino 8 sa ilalim ng Enhanced MATATAG *curriculum*. Ang mga datos ay kukunin sa pamamagitan ng survey questionnaire. Hindi saklaw ng pag-aaral ang mga guro sa ibang asignatura o baitang.

Bagamat nasimulan na ang *implementation phased* ng Filipino 8 MATATAG *curriculum*, ang pananaliksik na ito ay isinagawa sa ikaapat na markahan ng taong panuruan 2025-2026. Sapat lamang ang panahon na pag-aralan kung handa ba ang mga guro sa implementasyon ng *curriculum*, dahil nasimulan na ito sa una at ikalawang markahan.

### **Katuturan ng mga Katawagang Ginamit**

Ang mga salita o terminong ginamit sa pananaliksik na ito ay binibigyang kahulugan ayon sa pagkakagamit upang higit na ikalilina ng pag-aaral.

**Enhanced MATATAG Curriculum.** Tumutukoy sa pinahusay na MATATAG *curriculum* ng Kagawaran ng Edukasyon na nagsimula sa taong panuruan 2024-2025 mula kinder, grade 1,4 at 7, 2025-2026 naman ay mula kinder, grade 1-2, 4-5 at 7-8, 2026-2027 mula kinder, grade 1-3, grade 4-6, grade 7-9, at 2027-2028 ay mula kinder, grade 1-10.

**Kahandaan.** Ito ay ang sinukat antas ng pagiging handa ng mga guro sa Junior High School sa pagpapatupad ng Enhanced MATATAG *Curriculum* sa pagtuturo ng Filipino 8 kaugnay ng pagbuo at paggamit ng material, pagsasanay at propesyonal na pag-unlad, kaalaman at kasanayan sa *curriculum*, at kumpiyansa sa pagtuturo.

**Pagtuturo.** Ito ang pamamaraan na ginagamit ng mga guro sa silid-aralan upang ihatid ang mga nilalaman at kompetensi ng Filipino para sa Baitang 8.

**Guro.** Tumutukoy ito sa 32 na gurong kalahok na nagtuturo ng Filipino 8 sa iba't ibang paaralan sa ika-6 na Distrito ng Pangasinan.

**Implementasyon.** Tumutukoy sa pagpapatupad ng asignaturang Filipino 8 sa ilalim ng Enhanced MATATAG *curriculum*.

**Pagsasanay.** Isa sa mga aspektong sinukat ng mananaliksik na tumutukoy sa pormal o impormal na paghahanda na natanggap ng mga guro para sa pagpapatupad ng Enhanced MATATAG *Curriculum*.

**Propesyonal na Pag-unlad.** Tumutukoy sa patuloy na pagpapahusay ng kaalaman at kasanayan ng mga guro sa Filipino 8, tulad ng pagdalo sa *workshops, seminars*, at pag-aaral sa antas graduwado.

**Kasanayan.** Ito ay tumutukoy sa kakayahan ng mga guro na gumamit ng estratehiya, pamamaraan at teknik sa pagtuturo ng Filipino 8.

**Kaalaman ng Nilalaman.** Tumutukoy sa lawak ng pang-unawa sa wika at panitikan ng mga guro sa Filipino 8.



**Hamon.** Ito ang mga balakid na nararanasan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino 8 tulad ng kakulangan ng instruksiyonal at kagamitan sa pagtuturo, pedagogikal na kompetensi at adaptasyong pampropesyonal, at pragmatikong pakikiangkop at pedagogikal na pagbabago.

**Mungkahing interbensyon.** Ito ay ang awtput sa pananaliksik na magagamit sa pagpapahusay sa kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino 8.

## **REBYU NG MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL**

### **Ang MATATAG Curriculum**

Ang Pinalawak na K-10 *curriculum*, o mas kilala bilang MATATAG *Curriculum* ay ang pinakabagong balangkas sa edukasyon na ipinatutupad ng Department of Education (DepEd) sa lahat ng paaralan sa bansa. Ayon sa mga pag-aaral, kinakaharap ng Pilipinas ang isyung tinatawag na “learning losses” dahil hindi umaabot ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pamantayan ng mga mag-aaral sa ibang bansa. Natukoy na hindi kakulangan sa mga mag-aaral ang dahilan, kundi ang mismong *curriculum* na nangangailangan ng pagbabago.

Ang binagong K-10 o MATATAG *Curriculum* ay pormal na ipinakilala ng DepEd noong Agosto 10, 2023, bilang bahagi ng K to 12 Education Program. Layunin nitong masiguro na ang mga mag-aaral ay mahuhubog bilang mga buo, handa, at may kakayahang indibidwal na makakaharap sa mga hamon ng buhay at trabaho.

Binawasan ng bagong *curriculum* ang labis na akademikong pasanin ng mga mag-aaral at binigyang-diin ang kritikal na pag-iisip, kasanayan sa digital literacy, at pagkamalikhain. Ang salitang MATATAG ay isang akronim na kumakatawan sa mga sumusunod na layunin: Ma – Make the *curriculum* up-to-date upang makalikha ng mga aktibong, handa sa trabaho, responsable, at may kakayahang mamamayan; Ta – Take the necessary steps upang mapabilis ang pagbibigay ng de-kalidad na edukasyon sa mga mag-aaral; Ta - Take care of the students sa pamamagitan ng pagtiyak sa isang ligtas, inklusibo, at positibong kapaligiran sa pagkatuto; G - Give the necessary support sa mga guro at tagapagturo upang mapaunlad pa ang kalidad ng pagtuturo.

Ang MATATAG *Curriculum* ay inilunsad bilang tugon sa pangangailangan ng bansa na gawing mas makabago, makabuluhan, at tumutugon sa pangangailangan ng panahon ang sistema ng edukasyon, upang mas mapalakas ang kakayahan ng mga mag-aaral at makasabay ang Pilipinas sa pandaigdigang pamantayan.

Naunawaan ng Department of Education (DepEd) na hindi magiging mainam ang padalus-dalos na pagpapatupad ng Pinalawak na K-10 *Curriculum*, sapagkat ang ganitong malawak na pagbabago sa sistema ng edukasyon ay nangangailangan ng sapat na panahon at maingat na paghahanda. Dahil dito, ipinatupad ang *curriculum* sa mga yugto o phases upang matiyak ang maayos na paglipat at pagsasakatuparan nito.

Nagsimula ang unang yugto ng implementasyon noong 2024, na nakatuon sa mga mababang baitang tulad ng Kindergarten, Baitang 1, Baitang 4, at Baitang 7. Sa taong panuruan 2025–2026, ipatutupad naman ang ikalawang yugto ng programa. Pagdating sa taong 2026–2027, isasagawa ang mga pagbabago para sa Baitang 3, 6, at 9, at sa taong 2027–2028, inaasahang ganap nang maipatutupad ang binagong *curriculum* para sa Baitang 10 (DepEd Order No. 10, s. 2024).

### **Ang MATATAG Curriculum sa Ikawalong Baitang (Filipino 8)**


Ang Revised K-12 MATATAG Curriculum ay idinisenyo upang tugunan ang mga suliranin sa edukasyon tulad ng labis na karga sa curriculum, hindi tugmang learning Kasanayang pampagkatuto, at hindi balanse na *cognitive demands*. Sa konteksto ng Filipino 8, ang pokus ng MATATAG Curriculum ay nakatuon sa paglinang ng komprehensibong kasanayang komunikatibo. Kabilang dito ang malalim na pag-unawa at pagsusuri sa Obra Maestrang Florante at Laura, gayundin ang iba't ibang panitikan mula Panahon ng Propaganda hanggang sa Panahon ng Pananakop ng Hapon (*Curriculum Guide, Filipino 8*). Dagdag pa rito, nilalayan nitong hasain ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagproseso at pagsusuri ng mga tekstong impormasyonal, akademik, at biswal, na mahalaga para sa pagbuo ng makabuluhang tekstong multimodal. Ang lahat ng ito ay isasagawa gamit ang mga natutuhang elementong panlingguwistika, na naglalayong sa huli ay mapalalim ang pagpapahalaga sa sariling kalinangan, upang ang mga mag-aaral ay maging "globally competitive" at "future-ready."

Ang MATATAG Curriculum ay naglalayong makabuo ng mga indibidwal na may matatag na kasanayan sa wika at kritikal na pag-iisip, handang harapin ang mga hamon ng trabaho at buhay sa pamamagitan ng pagbabawas ng akademikong presyon at pagtutuon sa paglinang ng mga praktikal na kasanayan. Bilang isang sentral na bahagi ng bagong balangkas ng edukasyon, ang Filipino 8 sa ilalim ng MATATAG Curriculum ay naglalayong magbigay ng makabuluhang pagkatuto na magpapahusay sa pag-aaral, kritikal na pag-iisip, at kakayahang umangkop. Sa pamamagitan ng pagpapalakas ng mga pundasyong kasanayan, sinisiguro ng curriculum na ang mga mag-aaral sa Filipino 8 ay hindi lamang matututo ng wika at panitikan bilang paksa, kundi magagamit din ito upang makipagtalastasan nang epektibo, magsuri ng impormasyon mula sa iba't ibang anyo ng teksto, at makapag-ambag nang makabuluhan sa kanilang komunidad, lalo na sa pagpapayaman ng kanilang sariling kalinangan. Ang pag-unawa sa mga tekstong multimodal ay mahalaga sa makabagong panahon kung saan ang impormasyon ay ipinapahayag sa iba't ibang paraan.

Sa ilalim ng Revised K-12 MATATAG Curriculum, ang mga guro ng Filipino 8 ay may kritikal na papel. Inaasahan silang maging tagapagbigay ng kapangyarihan sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo na lampas sa tradisyonal na paglilipat ng impormasyon. Kailangan nilang epektibong gabayan ang mga mag-aaral sa pag-unawa ng Florante at Laura at iba pang panitikan, pati na rin sa pagsusuri ng mga tekstong impormasyonal, akademik, at biswal, na magagamit sa pagbuo ng tekstong multimodal. Kabilang dito ang pagpapatupad ng mga makabagong pamamaraan na nagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip, komunikasyon, at kasanayan sa pakikipagtulungan-- mga mahahalagang kakayahan para sa ika-21 siglo. Ang mga guro ay dapat ding aktibong lumahok sa patuloy na pagsasanay at workshops upang matiyak na sila ay hindi lamang pamilyar sa mga layunin ng curriculum kundi mayroon ding angkop na mga estratehiya sa pagtuturo. Ang kanilang tungkulin ay lumikha ng mga karanasan sa pagkatuto na nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na iugnay ang kaalaman sa tunay na buhay, sa gayo'y nagpapanatili ng kahalagahan at kaakit-akit ng pagtuturo ng Filipino at pagpapahalaga sa sariling kalinangan.

### **Batayan ng Pagpapatupad ng Pinalawak na K-10 Curriculum**

Ang pangunahing dahilan sa likod ng pagpapatupad ng Pinalawak na K-10 Curriculum ay ang mga natuklasang kahinaan ng dating K-12 Curriculum, na itinuring na labis na puno o overloaded. Ang sobrang dami ng mga kasanayang kailangang matutunan ay nagdulot ng mga hamon para sa mga guro at mag-aaral, kaya't naging mahirap para sa kanila na ganap na mahasa sa mga mahahalagang kakayahan. Batay sa pagsusuri ng Department of Education (DepEd), napag-alamang may kakulangan ang ilang guro sa



paglinang ng mga 21st-century skills sa mga mag-aaral, partikular na ang higher-order thinking skills o mas mataas na antas ng pag-iisip (Abragan et al., 2022).

Bilang tugon dito, nilalayan ng Pinalawak na K-10 *Curriculum* na bawasan ng humigit-kumulang 70% ang dami ng mga learning Kasanayang pampagkatuto upang mabigyan ng mas mahabang oras ang pagtuturo ng mga batayang kasanayan gaya ng literasiya (pagbasa at pagsulat) at numerasiya (matematika) mga kakayahang itinuturing na pundasyon para sa mas mataas na antas ng pagkatuto (Department of Education, Philippines, 2025).

Sa usaping pangmakabuluhan, habang ang K-12 *Curriculum* ay nakatuon sa pagpapalawak ng saklaw ng edukasyon sa pamamagitan ng pagdaragdag ng Senior High School, ang Pinalawak na K-10 *Curriculum* naman ay nakatuon sa pagpapalalim ng pundasyong pagkatuto sa mas mababang baitang sa pamamagitan ng pagpapasimple ng nilalaman at pagtutok sa mahahalagang kasanayan.

Ang pagbabagong ito ay tugon sa lumalalang isyu ng learning losses at sa pangangailangang patatagin ang batayang edukasyon mula sa pinakapundasyon (Abragan et al., 2022). Isinasagawa ang implementasyon ng *curriculum* sa mga yugto, na sinimulan sa Kindergarten, Baitang 1, Baitang 4, at Baitang 7 noong taong panuruan 2024–2025, at inaasahang ganap na maipatutupad hanggang Baitang 10 sa taong 2028.

### **Programa ng Suportang Mekanismo**

Ang Pinalawak na K-10 *Curriculum* ay naglaan ng mas mataas at mas kumplikadong mga kasanayan at kompetensi sa mga guro. Ipinapakita nito na hindi sapat na ang mga guro ay sumasabay lamang sa kaalaman sa nilalaman ng bagong *curriculum*, kundi kinakailangan ding pahusayin at iangkop ang kanilang mga estratehiya sa pagtuturo upang matagumpay na matugunan ang pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral. Ang ganitong mekanismo ng suporta ay mahalaga upang matulungan ang mga guro sa pagharap sa mga pagbabago at reporma sa *curriculum* at upang masiguro ang mabisang implementasyon ng Enhanced K-10 *Curriculum*.

Ang *Programa ng Suportang Mekanismo* ay direktang kaugnay ng kahandaan ng mga guro bilang pangunahing tagapagpatupad ng pagbabago sa edukasyon. Ayon kina Endot et al. (2021), isang pangunahing aspeto ng matagumpay na reporma sa edukasyon ay nagsisimula sa kahandaan ng mga *implementer*, lalo na sa mga guro. Sa kanilang pag-aaral na pinamagatang “A Mixed Methods Study on Teachers’ Perceptions of Readiness of Higher Education Institutions to the Implementation of the K-12 *Curriculum*”, ginamit ang *quantitative surveys* upang tukuyin ang limang salik na nakaaapekto sa kahandaan, kabilang ang *eligibility, staffing guidelines, course streamlining, at alternative programs*, na may kaugnayan sa profile ng mga guro. Ginamit din ang qualitative tools upang tuklasin ang mga tema tulad ng *re-qualifying, retooling, realigning, reclassifying, at redirecting professional development*. Ang mga aspetong ito ay nagpapahiwatig ng pangangailangan sa: una, Pagpapahusay ng edukasyonal na kaalaman at kasanayan ng mga guro, bilang kritikal na konsiderasyong demograpiko; ikalawa, pag-ayos at pag-angkop ng *curriculum* batay sa umiiral na kaalaman at mga bagong pangangailangan; at panghuli ay pagreklasipika at pagdirekta ng propesyonal na pag-unlad upang mapanatili ang tuloy-tuloy na pagkatuto batay sa profile ng guro (Acosta & Acosta, 2017).

Mahalaga rin ang propesyonal na pagsasanay at edukasyon sa pagtukoy ng kahandaan ng guro, at ito rin ang maaaring maging pokus ng Support Mechanism Program. Ang mga elementong ito ay kinakailangan upang maging handa ang mga guro sa matagumpay na pagpapatupad ng reporma sa *curriculum* at sa pagtugon sa iba’t ibang pangangailangan ng mga mag-aaral, bukod pa sa pagtupad sa mga kinakailangan sa licensing tests (Lagcao & Toquero, 2023).

Bukod dito, mayroong limang modelo ng *curriculum* na maaaring maging gabay sa pagbuo ng mekanismo ng suporta: *Overcoming Resistance to Change (ORC)*, *Leadership Obstacle Course (LOC)*, *Linkage Model*, *Organizational Development (OD)*, at *Rand Change Agent Model*. Ang ORC paradigm ay nagbibigay ng kapaki-pakinabang na balangkas sa pagtukoy at pagharap sa mga alalahanin at pagtutol ng guro sa pagbabago.

### **Ang Limang Yugto ng *Overcoming Resistance to Change (ORC)* ay kinabibilangan ng mga sumusunod:**

Una rito ay ang *unrelated concerns*. Ito ay ang mga alalahaning hindi direktang kaugnay sa pagbabago ng *curriculum* ngunit maaaring makaapekto sa saloobin at gawi ng guro; halimbawa, personal na isyu na maaaring humadlang sa kakayahan ng guro na ipatupad ang pagbabago (Hall & Hord, 1987, bilang binanggit sa Callo, 2023).

Pangalawa rito ay ang *personal concerns* kung saan ito ay ang pag-aalala ng guro sa sariling kakayahan upang isakatuparan ang pagbabago, kabilang ang kakulangan sa kaalaman o mapagkukunan (Guskey, 2002, bilang binanggit sa Callo, 2023). Ikatlo ay ang *task-related concerns*, mga alalahanin kaugnay ng mismong pagbabago, tulad ng compatibility sa kasalukuyang pamamaraan o angkop sa partikular na pangkat ng mag-aaral (Fullan, 2007, bilang binanggit sa Callo, 2023). Ikaapat ay ang *impact-related concerns*. Ito ang mga alalahanin tungkol sa epekto ng pagbabago, gaya ng posibilidad ng pagtutol ng mga mag-aaral o epekto sa gawain at workload ng guro (Hord et al., 1987, bilang binanggit sa Callo, 2023).


Ang limang modelo ng implementasyon ng *curriculum*, lalo na ang *Overcoming Resistance to Change (ORC) model*, ay malapit na kaugnay sa pangangailangan ng isang *Support Mechanism Program*. Ang mga guro ay maaaring makaranas ng pagtutol sa pagbabago, kakulangan sa emosyonal na kahandaan, limitadong kasanayan, hindi sapat na alokasyon ng mga mapagkukunan, at kakulangan sa tuloy-tuloy na pag-unlad. Dahil dito, mahalagang magkaroon ng isang malakas at *multifaceted* na *Support Mechanism Program* na nakatuon sa pagbibigay ng komprehensibong suporta sa guro upang mapadali ang matagumpay na implementasyon ng *curriculum*.

### **Mga Mekanismo ng *Feedback* at Pagninilay**

Ang paghikayat sa mga guro na magnilay sa kanilang pamamaraan ng pagtuturo at humingi ng *feedback* ay nagdudulot ng tuloy-tuloy na pagpapabuti. Ang pagpapatupad ng *peer observations*, *student feedback mechanisms*, at *self-assessment tools* ay makatutulong sa mga guro na palawakin ang kanilang pag-unawa at paghusayin ang paghahatid ng *curriculum*. Sa ganitong paraan, maaaring mapalakas ng mga institusyong pang-edukasyon ang kalidad ng edukasyon ng guro, na nagreresulta sa mas epektibong implementasyon ng *curriculum* at mas mataas na *learning outcomes* ng mga mag-aaral (Katal et al., 2022). Ang konsepto ng pagsasama ng *feedback* at *reflection* na napatunayang epektibo sa pagpapabuti ng *learning outcomes* sa mga *medical students* ay maaari ring ilapat sa mga guro sa pamamagitan ng *structured feedback mechanisms* gaya ng *peer observations*, *student evaluations*, at *self-reflective journals*.

### **Mga Uri ng Programa ng Suportang Mekanismo**

Isinaayos at minungkahi ni Caspe & Sarrosa (2025) sa kanilang pananaliksik ang ilan sa mga uri ng programa ng suportang mekanismo upang masuri ang kahandaan ng mga guro sa Baitang 1 at Baitang 4 sa Distrito ng Manapla, Dibisyon ng Negros Occidental sa pagpapatupad ng Pinalakas na K-10 *Curriculum*. Ang mga ito ay ang mga sumusunod.



Una, *paggamit ng research-backed teaching strategies*. Ang paggamit ng *research-backed teaching strategies* ay nagsisiguro na ang mga guro ay nag-aaplay ng pinakaepektibong pamamaraan sa kanilang pagtuturo. Ipinapakita ng mga pag-aaral na ang mga gurong kasali sa pananaliksik ay mas epektibo sa kanilang tungkulin dahil sa positibong ugnayan sa pagitan ng paggamit ng *evidence-based instructional strategies* at propesyonal na kakayahan (Escanda, 2025). Ang mga *workshop* at *training sessions* na nagpapakilala ng mga *evidence-based practices* ay tumutulong sa mga guro na maunawaan at maisama ang mga pamamaraang ito sa kanilang pagpapalano at paghahatid ng *curriculum*. Ayon kay Escanda (2025), “ang mga natuklasan ay nagpapakita na ang tailored professional development programs ay kinakailangan upang matugunan ang tiyak na pangangailangan at lakas ng iba’t ibang grupo ng guro, partikular sa kanilang edukasyonal na background at propesyonal na tungkulin.”

Ikalawa, *pakikipagtulungan*. Ang pakikipagtulungan ay nagbibigay-daan sa mga guro na magbahagi ng karanasan, estratehiya, at mapagkukunan, na nagreresulta sa kolektibong pagpapabuti ng mga pamamaraan sa pagtuturo. Maaaring bumuo ang mga paaralan ng *Professional Learning Communities (PLCs)* o regular na *collaborative meetings*, kung saan maaaring talakayin ng mga guro ang mga hamon at solusyon kaugnay sa *curriculum*. Ayon kina Ahmed at Hassan (2024), ang *self-assessment*, *peer collaboration*, at patuloy na pagkatuto ay tumutulong sa mga guro na manatiling *up-to-date* sa pinakabagong *trend at best practices* sa edukasyon.

Ikatlo ang *paggamit ng teknolohiya*, ang paggamit ng teknolohiya ay maaaring pahusayin ang paghahatid ng *curriculum* at gawing mas nakakaengganyo ang pagkatuto para sa mga mag-aaral. Ayon kina Jamil et al. (2024), ang positibong pananaw ng mga guro sa teknolohiya ay may potensyal na mapalakas ang partisipasyon ng mga mag-aaral, ngunit may ilang hadlang tulad ng limitadong imprastruktura, kakulangan sa teknikal na suporta, at kulang na *professional development*. Ang pagbibigay sa mga guro ng pagsasanay sa digital tools at platforms, at ang pagsasama ng mga ito sa kanilang araw-araw na pagtuturo, ay tumutulong sa kanila na maging bihasa sa paggamit ng teknolohiya bilang suporta sa *curriculum*.

Ikaapat ay ang *tuloy-tuloy na mga oportunidad sa professional development*, ang patuloy na pagkatuto at professional development ay nagsisiguro na ang mga guro ay manatiling updated sa pinakabagong trend at pagbabago sa *curriculum*. Sa praktika, ang regular na *workshops*, *online courses*, at *seminars* ay nagbibigay-daan sa mga guro na palalimin ang kanilang pag-unawa sa *curriculum* at hasain ang kanilang mga estratehiya sa pagtuturo. Ayon kay Natade (2024, binaggit nina Caspe at Sarossa, 2025), mahalagang panatilihin ang mga guro sa pinakabagong *educational practices* at teknolohiya, at inirekomenda ang pagtatatag ng *comprehensive professional development programs* sa ilalim ng *Continuous Professional Development (CPD)*. Dagdag pa ni William (2025), mahalaga rin na *i-tailor* ang pagsasanay ng mga guro ayon sa pangangailangan ng iba’t ibang uri ng mag-aaral upang mas maging epektibo ang pagtuturo.

Panghuli ang *mentoring at coaching*, ang pagtutugma ng mga baguhang guro sa mga beteranong *mentor* ay maaaring magbigay ng personalized na gabay at suporta. Ang pagtatatag ng mentorship programs sa loob ng paaralan, kung saan ginagabayan ng mga batikang guro ang mga bagong guro sa pagpapalano at pagpapatupad ng *curriculum*, ay maaaring mapahusay ang kabuuang kalidad ng pagtuturo. Ayon kay Bond (2023), ang mga paaralan na pinapahalagahan ang mentoring, kabilang ang pagbibigay ng sapat na *kagamitan* (tulad ng *release time*), pagtitiyak na ang mga mentor ay sumasailalim sa angkop at mataas na kalidad na pagsasanay, at pagkilala sa kontribusyon ng mga mentor, ay mas malamang na makamit ang tagumpay sa *mentoring programs*.

Ang pagbibigay ng akses sa mataas na kalidad at *curriculum-aligned* na teaching materials ay nakatutulong sa mga guro na mas epektibong maihatid ang nilalaman. Maaaring tiyakin ng mga paaralan



at institusyong pang-edukasyon na ang mga guro ay may *up-to-date na textbooks, digital kagamitan, at supplementary materials* na kaayon ng *curriculum*. Ang pag-aangkop at pagdagdag ng mga materyales ay paraan upang matugunan ang partikular na pangangailangan ng isang pangkat ng mag-aaral (Bell & Gower, 2011, bilang binanggit sa Chen, 2020).

Mahalaga ang malinaw na pag-unawa sa konsepto ng pagbabago at sa mismong nilalaman ng *curriculum* upang maging matagumpay ang pagpapatupad ng mga bagong programa sa edukasyon (Mondal & Das, 2021). Sa konteksto ng asignaturang Filipino, partikular sa Filipino 8, mahalagang masuri ang kahandaan at kasanayan ng mga guro sapagkat sila ang pangunahing tagapagtaguyod ng mga layuning pang-*curriculum*.

Ang pagpapatupad ng mga bagong *curriculum* sa edukasyon ay kadalasang humaharap sa mga makabuluhang hamon, lalo na sa mga aspeto ng kahandaan ng mga guro at sapat na mga programa sa pagsasanay. Isa sa mga pangunahing isyu ay kung ang mga guro ay may mga kinakailangang kasanayan, kaalaman, at tiwala upang epektibong maipahayag ang *curriculum*. Ipinakita ng pananaliksik na ang kahandaan ng mga guro ay isang kritikal na salik sa matagumpay na pagpapatupad ng mga reporma sa edukasyon (Darling-Hammond, 2000). Isa pang nakatagong isyu ay ang bisa ng mga programa para sa propesyonal na pag-unlad na dinisenyo upang bigyan ng kakayahan ang mga guro ng mga kasanayang kinakailangan para sa bagong *curriculum*. Ang epektibong propesyonal na pag-unlad ay dapat na patuloy, nakatuon sa konteksto, at nakahanay sa mga layunin ng *curriculum* (Guskey, 2002).

Ang paglipat sa MATATAG *curriculum* ay nagdala ng iba't ibang hamon, partikular sa kahandaan ng mga guro (Estrellado, 2023) ayon sa pagkakasipi mula sa Wood & Butt (2014). Ang mga guro ay may mahalagang papel sa proseso ng edukasyon, bilang mga tagapagsalin ng nilalaman ng *curriculum* at mga tagapamagitan sa pagpapatupad nito sa loob ng silid-aralan (Estrellado, 2023) ayon sa pagkakasipi nina Wood at Smith (2022). Samakatuwid, ang kanilang antas ng kahandaan ay may malaking impluwensya sa epektibong pagtanggap ng Enhanced K-10 *curriculum*. Isang kamakailang lokal na pagsusuri tungkol sa pagpapatupad ng Enhanced K-10 *Curriculum* ang nagbigay-diin sa kahalagahan ng pamumuhunan sa komprehensibong pagsasanay para sa mga guro, pagpapalakas ng mga mekanismo ng suporta, at pagpapalaganap ng mga inklusibong kasanayan upang matiyak ang matagumpay na pagpapatupad (Villaver et al., 2024). Bukod dito, itinampok ng pag-aaral ang pangangailangan ng patuloy na suporta para sa mga guro, mga pagkakataon para sa propesyonal na pag-unlad, at mga sama-samang pagsisikap sa pagitan ng mga guro at mga magulang upang matiyak ang bisa at pagpapanatili ng bagong *curriculum* (Villaver et al., 2024). Dagdag pa rito, ang mga rekomendasyon mula sa iba pang mga pag-aaral ay kinabibilangan ng karagdagang pamumuhunan sa pag-unlad ng guro, pagpapalakas ng pakikilahok ng mga magulang at ng komunidad, at pagtugon sa mga limitasyon sa logistika at imprastruktura. Ang biglaang pagbabago sa *curriculum* na sinamahan ng hindi sapat na paghahanda ng mga guro at kulang na mga mapagkukunan ay maaaring magdulot ng pakiramdam ng kakulangan sa mga guro (Resoor, 2023). Kung ang kahandaan ng mga guro ay hindi lubos na sinusuri at tinutugunan, ang pagpapatupad ng bagong *curriculum* ay nanganganib na maging hindi epektibo, na maaaring makasama sa parehong mga guro at mga estudyante (Balansag et al., 2024). Ang mga patuloy na hamon ay kinabibilangan ng patuloy na pangangailangan para sa suporta sa guro, propesyonal na pag-unlad, at pakikipagtulungan sa pagitan ng tahanan at paaralan (Balansag et al., 2024).

Ayon sa pag-aaral ni Kilag, (2024) na tumutok sa mga hamon at implikasyon na kaugnay ng pagpapatupad ng MATATAG *Curriculum*, isang makabuluhang inisyatiba sa reporma sa edukasyon sa Pilipinas. Binibigyang-diin nito ang kritikal na kahalagahan ng patuloy na pagmamanman at mga mekanismo ng pagsusuri upang masuri ang bisa ng *curriculum* at tugunan ang mga umuusbong na hadlang. Kabilang sa mga rekomendasyon ang pamumuhunan sa komprehensibong pagsasanay para sa mga guro,

pagpapalakas ng mga sistema ng suporta, at pagsusulong ng mga inklusibong kasanayan upang matiyak ang tagumpay ng MATATAG Curriculum. Sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng kolaborasyon, inobasyon, at pananagutan, ang mga kalahok ay makakahanap ng mga solusyon sa mga hamon at mapapakinabangan ang potensyal ng reporma sa curriculum upang linangin ang isang mas pantay, inklusibo, at dekalidad na sistema ng edukasyon sa Pilipinas.

Sa pagpapatupad ng bagong curriculum sa Pilipinas, naging sentro ng usapin ang kahandaan ng mga guro upang maisakatuparan nang mahusay ang mga pagbabago sa pagtuturo. Ayon sa pag-aaral ni Gutierrez (2024), ang pagsusuri sa kahandaan ng mga guro sa Calubcob I National High School ay nagpakita ng ilang kakulangan sa pagsasanay at suporta para sa implementasyon ng MATATAG Curriculum. Ipinahihiwatig nito na ang tagumpay ng curriculum ay nakasalalay sa sapat na paghahanda ng mga guro. Samantala, sa pag-aaral sa Butuan City na nailathala nina Montilla et.al. (2025), natukoy na bagaman may positibong pananaw ang mga guro sa pagpapatupad ng MATATAG Curriculum, kinakailangan pa rin ng dagdag na pagsasanay at access sa materyales upang higit nilang magampanan ang kanilang papel. Sa panig ng mga guro sa Junior High School, natuklasan sa pag-aaral sa South District ng Davao del Sur na isinagawa nina Atienza et al. (2024) na ang kahandaan ng guro ay nakaugnay sa kanilang kasanayan, karanasan, at suporta mula sa pamunuan ng paaralan.

Katulad nito, binigyang-diin ni Bayot (2024) sa kanyang pag-aaral sa mga guro ng Grade 4 sa Cavite na bagaman nagsusumikap ang mga guro na ipatupad ang curriculum, nananatiling hamon ang kakulangan sa training at suportang teknikal. Ang ganitong mga natuklasan ay nagpapakita na mahalagang salik ang patuloy na professional development upang masiguro ang epektibong pagtuturo.

Dagdag pa rito, isang kwalitatibong pag-aaral sa Cebu City nina Salazar et al. (2025) ang naglatag ng pananaw ng mga guro hinggil sa flexibility, pacing, time management, at mga hamon sa mapagkukunan. Ang mga ganitong pananaw ay mahalagang isaalang-alang sa pagtuturo ng Filipino 8 sapagkat ito'y nangangailangan ng sapat na oras, materyal, at tamang estratehiya upang maging makabuluhan ang pagkatuto. Malaki ang kaugnayan nito sa Filipino 8 sapagkat ang asignatura ay nangangailangan hindi lamang ng malalim na kaalaman sa wika at literatura kundi pati na rin ng kakayahang gumamit ng teknolohiya upang mapalawak ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa kabuuan, ipinapakita ng mga naunang pag-aaral na ang kahandaan ng guro sa pagpapatupad ng Enhanced MATATAG Curriculum ay nakaugat sa tatlong pangunahing salik: sapat na pagsasanay at professional development, suporta mula sa pamunuan at polisiya, at kakayahang magamit ang makabagong teknolohiya at estratehiya sa pagtuturo. Ang mga ito ay direktang may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik na nakatuon sa kahandaan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino 8, isang asignaturang kritikal sa pagpapaunlad ng wika at kulturang Pilipino.

Batay sa iba't ibang pag-aaral hinggil sa implementasyon ng Enhanced MATATAG Curriculum, malinaw na ang kahandaan ng guro ay isang pangunahing salik sa tagumpay ng programa. Sa pag-aaral nina Gutierrez (2024) at Bayot (2024), lumabas na maraming guro ang nahaharap sa kakulangan ng sapat na pagsasanay, materyales, at suportang teknikal sa pagsasakatuparan ng curriculum. Katulad nito, ipinakita nina Atienza et al., (2025) at Salazar et al. (2025) na ang kahandaan ay nakadepende hindi lamang sa kaalaman ng guro, kundi pati na rin sa kanilang kakayahang umangkop sa mga pagbabagong dala ng bagong curriculum, kabilang ang pamamahala ng oras, paggamit ng teknolohiya, at flexibility sa pagtuturo. Dagdag pa rito, ipinakita ng scoping review nina Lopez at Rivera (2023) na ang tagumpay ng implementasyon ng MATATAG Curriculum ay nakabatay sa apat na pangunahing salik: sapat na training, epektibong pamumuno, patuloy na professional development, at malinaw na suporta sa polisiya.

Sa kabilang dako, binigyang-diin nina Ramos at Cruz (2025) ang papel ng Technological Pedagogical Content Knowledge (TPACK) sa kahandaan ng guro, na nagpapakitang mas mataas ang antas

ng kahandaan ng mga guro na bihasa sa paggamit ng teknolohiya sa kanilang pagtuturo. Mula sa mga nabanggit, makikitang umiikot ang mga naunang pag-aaral sa pagsusuri ng pangkalahatang kahandaan ng guro (kaalaman, kasanayan, at disposisyon) sa ilalim ng MATATAG *Curriculum*. Gayunman, hindi pa sapat na nabibigyang-diin ang espesipikong kahandaan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino 8, na may natatanging katangian bilang asignatura na nakatuon sa wika, panitikan, at kulturang Pilipino.

Bagaman maraming pananaliksik ang tumalakay sa kahandaan ng mga guro sa iba't ibang antas (elementarya at junior high school) at asignatura, kapansin-pansin na kakaunti ang nagsuri sa partikular na asignaturang Filipino 8 sa ilalim ng Enhanced MATATAG *Curriculum*. Kadalasan, nakatuon ang mga naunang pag-aaral sa pangkalahatang implementasyon ng *curriculum*, mga hamon ng guro sa kakulangan ng *kagamitan*, at kahalagahan ng training. Gayunpaman, hindi pa gaanong napag-aaralan kung paano tiyak na nahahanda ang mga guro ng Filipino 8 upang maisakatuparan ang layunin ng *curriculum* na palalimin ang kasanayan sa wika, pagbasa, at panitikan. Samakatuwid, nararapat lamang na bigyang-pansin ang kahandaan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino 8, sapagkat ito ay may mahalagang papel sa paghubog ng identidad at kulturang Pilipino sa mga mag-aaral. Ang pag-aaral na ito ang magpupuno sa kakulangan ng pananaliksik sa espesipikong asignaturang Filipino 8 at magbibigay ng mas konkretong datos ukol sa antas ng kahandaan ng mga guro sa ilalim ng bagong *curriculum*.

Maraming lokal na pag-aaral ang tumalakay sa kahandaan ng mga guro sa pagpapatupad ng mga reporma sa *curriculum*, partikular sa ilalim ng Enhanced K-10 o MATATAG *Curriculum*. Ipinakita ng pag-aaral ni Villaver et al. (2024) na mahalagang salik sa matagumpay na implementasyon ng bagong *curriculum* ang komprehensibong pagsasanay ng mga guro, matibay na mekanismo ng suporta, at aktibong pakikipagtulungan ng mga stakeholder tulad ng mga magulang at administrador. Binibigyang-diin ng pag-aaral na ang kakulangan sa patuloy na suporta ay maaaring humantong sa hindi epektibong pagpapatupad ng *curriculum*.

Ayon din sa pag-aaral ni Kilag et al. (2024) na nagsagawa ng isang pag-aaral na malapit na kaugnay ng kasalukuyang pag-aaral. Sinuri ng pag-aaral ang mga hamon at implikasyon na kaakibat ng pagpapatupad ng Enhanced K-10 *Curriculum*. Binigyang-diin ng mga pangunahing natuklasan ang maraming dimensyon ng mga hamon, kabilang ang kahandaan ng guro, sistema ng suporta, edukasyong inklusibo, at mga isyu sa patas (equity). Inirekomenda ng mga may-akda ang paglalaan ng pondo para sa komprehensibong pagsasanay ng guro, pagpapahusay ng mga sistema ng suporta, at pagsusulong ng mga praktikang inklusibo upang matiyak ang tagumpay ng Enhanced K-10 *Curriculum*. Sa pamamagitan ng pagpapatibay ng pakikipagtulungan, pagbabago (innovation), at pananagutan (accountability), malalampasan ng mga stakeholder ang mga hamon at magagamit ang kapasidad ng reporma sa *curriculum* para makalikha ng isang mas naaayon sa *curriculum*, inklusibo, at de-kalidad na sistema ng edukasyon sa Pilipinas.

Tiinalakay din sa kanyang pag-aaral ang mga hamon at implikasyon ng pagpapatupad ng MATATAG *Curriculum* sa pambansang konteksto. Natukoy na ang kakulangan sa pagsasanay, *monitoring*, at *evaluation mechanisms* ay nagiging balakid sa epektibong implementasyon. Pinagtibay ito ng pag-aaral nina Kilag et al. (2024) na naglahad na ang kahandaan ng guro, sistema ng suporta, at edukasyong inklusibo ay magkakaugnay na salik sa tagumpay ng Enhanced K-10 *Curriculum*.

Ayon sa pag-aaral nina Reyes at Garcia (2021), ang paglipat sa isang bagong *curriculum* ay nangangailangan ng mahabang panahon ng adaptasyon at sapat na pagsasanay upang ganap na makamit ang "mastery" sa pagbuo ng mga bagong kagamitang pampagtuturo. Ang ideyang ito ay nagpapahiwatig na ang mga guro ay nasa yugto pa lamang ng paggamit ng kanilang mga dating kasanayan upang punan ang mga bagong pangangailangan ng bagong *curriculum*.

Dagdag pa rito, ipinakita ng meta-synthesis nina Alcosero et al. (2023) na ang propesyonal at sikolohikal na kahandaan ay mahalagang salik sa matagumpay na implementasyon ng *curriculum*, lalo na sa konteksto ng inclusive education. Katulad na natuklasan ang iniulat nina Mabanag et al. (2024), kung saan ang kakulangan sa mapagkukunan, pagsasanay, at institusyonal na suporta ay nagiging pangunahing balakid sa kahandaan ng mga guro.

Sa usapin ng suporta at mekanismo, iminungkahi nina Caspe at Sarrosa (2025) ang iba't ibang uri ng support mechanism tulad ng research-backed strategies, kolaborasyon, paggamit ng teknolohiya, tuloy-tuloy na professional development, at mentoring. Pinagtibay ito ng mga pag-aaral nina Lagcao at Toquero (2023) at Endot et al. (2021) na nagsasabing ang sistematikong suporta at propesyonal na pag-unlad ay susi sa matagumpay na reporma sa edukasyon.

Sa internasyonal na konteksto, maraming pag-aaral ang nagpatunay sa mahalagang papel ng kahandaan ng guro sa implementasyon ng mga pagbabago sa *curriculum*. Ayon kina Darling-Hammond (2000) at Guskey (2002), ang patuloy, kontekstuwal, at layuning pagsasanay ng guro ay kritikal sa tagumpay ng anumang reporma sa edukasyon.

Sa Asya, ipinakita nina Sephiawardani at Bektiningsih (2023) sa Indonesia na ang antas ng kahandaan ng mga guro sa Merdeka *Curriculum* ay mula katamtaman hanggang mataas, ngunit nananatiling hamon ang pagtugon sa iba't ibang kakayahan ng mga mag-aaral. Katulad nito, iniulat nina Tohamba at Ansyar (2025) na bagama't handa ang mga guro sa pagpapalano ng aralin, kulang pa rin ang kanilang pagsasanay sa diagnostic assessment.

Sa Japan, binigyang-diin ng pag-aaral ni Smith (2025) ang mga sistematikong hadlang sa implementasyon ng bagong English *curriculum*, kabilang ang kakulangan sa kakayahan ng guro, limitasyon sa *curriculum*, at hindi pantay na distribusyon ng mga kagamitan. Ipinakita ng pag-aaral na ang hindi pagkakatugma ng polisiya at aktwal na praktika sa silid-aralan ay nagiging sagabal sa epektibong implementasyon.

Samantala, ipinakita nina Scherer at Siddiq (2020) na ang kahandaan ng guro ay naapektuhan ng mga salik tulad ng kasarian, haba ng karanasan sa pagtuturo, self-efficacy, at kakayahang teknolohikal. Dagdag pa rito, pinatunayan nina Callo at Yazon (2020) at Panol at Caballes (2021) na ang kahandaan sa teknolohiya at antas ng edukasyon ay may makabuluhang ugnayan sa kahandaan ng guro sa mga bagong modality at *curriculum*.

### **Batayang Teorya ng Pag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ay sumasandig sa Technological Pedagogical Content Knowledge (TPACK) Framework nina Koehler et al. (2020) upang suriin ang kabuuang kahandaan ng mga guro sa Filipino 8 sa pagtuturo sa ilalim ng enhanced MATATAG *Curriculum*. Ang TPACK ay nagpapaliwanag na ang epektibong pagtuturo ay hindi lamang nakasalalay sa hiwalay na kaalaman sa Nilalaman (Content Knowledge/CK), Pamamaraan (Pedagogical Knowledge/PK), o Teknolohiya (Technological Knowledge/TK), kundi sa masalimuot na interaksyon ng mga ito. Partikular, ang kahandaan sa MATATAG *Curriculum* ay nangangailangan ng matibay na *Pedagogical Content Knowledge* (PCK), na siyang nagdidikta kung paano gagamitin ang angkop na estratehiya (PK) upang ituro ang binagong *learning Kasanayang pampagkatuto* (CK) na ipinapataw ng bagong balangkas ng *curriculum*. Sa pamamagitan ng TPACK, masusuri ang mga gaps sa kaalaman ng guro, na mahalaga sa pagtukoy ng mga kinakailangang interbensyon upang lubos na maipatupad ang mga layunin ng pagbabago sa edukasyon.

Kaugnay nito, ang pananaliksik ay nakatuon sa mga pag-aaral na tumatalakay sa *curriculum change management* at *teacher self-efficacy* sa konteksto ng Pilipinas. Ipinunto nina Fullan (2016), na ang matagumpay na reporma sa *curriculum* ay nakasalalay sa pagtanggap at kapasidad ng mga guro na ipatupad ang pagbabago, na umaayon sa paglunsad ng *MATATAG Curriculum* ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd, 2023). Ang mga naunang pag-aaral, tulad ng kay Manzano at Dela Cruz (2022) na tumatalakay sa TPACK ng mga guro sa wika, ay nagpapakita na ang guro ay nangangailangan ng patuloy na pagsasanay upang maihanay ang kanilang pamamaraan sa mga *contemporary* na pangangailangan ng *learning standards*. Samakatuwid, ang pag-aaral na ito ay naglalayon na makita ang kasalukuyang estado ng kahandaan ng mga guro sa Filipino 8 upang magbigay ng empirikal na ebidensiya na magiging basehan para sa mga *targeted training programs* na akma sa mga *specific pedagogical shifts* na hinihingi ng *MATATAG curriculum*.

Ipinapakita sa pang-aaral na ito ang pangangailangan ng gap analysis sa pagitan ng kasalukuyang kapasidad ng guro at ng mga bagong pangangailangan ng enhanced *curriculum*. Ang balangkas ng TPACK ay gagamitin bilang analitikal na *tool* upang sukatin ang kahandaan ng mga guro sa tatlong dimension. Ito ay ang mga nilalaman, pamamaraan, at ang integrasyon ng dalawa sa ilalim ng bagong balangkas. Tinitiyak ng pag-aaral na ito, na gumagamit ng TPACK bilang teoretikal na batayan, na makabuo ng mga rekomendasyon na hindi lamang nagtutuon sa kung ano ang ituturo (Content Knowledge) kundi paano ito epektibong ituturo (Pedagogical Knowledge) sa context ng enhanced Filipino 8 *curriculum*, na siyang direktang mag-aambag sa kalidad ng edukasyon sa bansa.

### **Batayang Konseptuwal ng Pag-aaral**

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong suriin nang komprehensibo ang antas ng kahandaan ng mga gurong nagtuturo ng Filipino 8 sa ilalim ng bagong Enhanced *MATATAG Curriculum*. Sa layuning ito, kritikal na pag-aralan muna ang demograpikong profayl ng mga guro kabilang ang kanilang kasarian, edad, tagal ng karanasan, antas ng edukasyon, at mga pagsasanay na dinaluhan upang matukoy kung paano nakakaapekto ang mga salik na ito sa kanilang pangkalahatang kahandaan. Ang pagtukoy sa kalagayan ng mga guro, partikular sa mga aspekto ng materyal na pagtuturo, propesyonal na pag-unlad, kaalaman sa *curriculum*, at kumpiyansa, ay magbibigay ng matibay na batayan para sa pag-unawa sa kasalukuyang implementasyon ng bagong *curriculum* sa asignaturang Filipino sa ikawalong baitang.

Ang pag-aaral ay hindi lamang maglilista ng mga antas ng kahandaan kundi titingnan din ang mga hamon at pangangailangan na nararanasan ng mga guro sa larangan. Sa pagpapatupad ng Enhanced *MATATAG Curriculum*, mahalagang malaman kung ano ang mga balakid na humahadlang sa epektibong pagtuturo at pagkatuto sa Filipino 8. Ang komprehensibong pagtukoy sa mga pangangailangang ito ay siyang magiging saligan ng pananaliksik upang makabuo ng mga mungkahi na nakatuon sa solusyon.

Upang mas maging malinaw, isang paradigm ang ginamit ng mananaliksik sa kanyang pag-aaral. Sa pagsasakatuparan nito, ang pananaliksik ay gumamit ng modelong Input-Process-Output (IPO) bilang batayang konseptuwal.

Makikita sa unang kahon sa kasunod na pahina, mula sa kaliwa ay ang mga baryabol (input) profayl ng mga guro (a) kasarian, (b) edad, (c) bilang ng taon sa pagtuturo, (d) natapos na digri at espesyalisasyon, (e) pinakamataas na antas ng natamong edukasyon, (f) bilang ng dinaluhang pagsasanay kaugnay sa pagtuturo ng Filipino; at (g) posisyon sa trabaho. Kasama rin ang baryabol na antas ng kahandaan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino 8 sa ilalim ng Enhanced *MATATAG curriculum* batay sa: (a) pagbuo at paggamit ng mga materyal sa pagtuturo, (b) pagsasanay at propesyonal na pag-unlad, (c)

kaalaman at kasanayan sa *curriculum*; at (d) kumpiyansa sa pagtuturo. Ikatlo, pagkilala sa hamon at pangangailangan ng mga guro. Sa ikalawang kahon naman ay ang proseso ng pag-aaral. Una ay ang pagsagot ng mga kalahok sa mga talatanungan na ibibigay ng mananaliksik (printed copies). Ikalawa, pagsusuri ng ugnayan ng demograpikong profayl ng mga gurong nagtuturo ng Filipino 8 sa ilalim ng Enhanced MATATAG *curriculum*. At mula sa nalikom na datos, makikita naman sa ikatlong kahon (output) ang mga mungkahing gawaing interbensyon para sa mga guro.


**INPUT****PROCESS****OUTPUT**

Figura 1. *Paradigm ng Pag-aaral*

**METODOLOHIYA****Disenyo ng Pananaliksik**

Sa pagsasagawa ng pananaliksik na ito, ang mananaliksik ay gumamit at isinagawa ang mixed-method approach kung saan ang kwalitatibo at kwantitatibong pag-aaral ay pinagsama upang makabuo ng mas detalyadong pagsusuri. Ayon kay Johnson at Onwuegbuzie (2007), ang mixed-method approach ay isang mabisang pamamaraan upang makabuo ng mas malalim at makabuluhang pagsusuri sa pamamagitan kwantitatibong datos at kwalitatibong datos. Sa pamamaraang ito, mas mauunawaan ang mga salik na



---

kaaapekto sa kahandaan ng mga guro sa sa pagtuturo ng Filipino 8 sa ilalim ng Enhanced MATATAG Curriculum.

Ang pag-aaral ay gumamit ng *Explanatory Sequential Mixed Method*. Sa disenyong ito, unang isinagawa ang kwantitatibong yugto, na kinabibilangan ng pangangalap ng datos sa pamamagitan ng survey questionnaire (Creswell at Plano Clark, 2018).

Ang unang suliranin ay tungkol sa profayl ng mga guro at ang pangalawang suliranin na ginamitan ng Likert scale na tumutukoy sa kahandaan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino 8 sa ilalim ng Enhanced MATATAG curriculum. Ito ay itinakdang kwar 39 ) sapagkat nangangailangan ito ng numerikal na paglalarawan at paggamit ng estadistika.

Pagkatapos suriin ang mga numerikal na datos, isinagawa ang kwalitatibong yugto sa pamamagitan ng *semi-structured interview* upang higit na maunawaan ang mga natuklasan mula sa unang yugto. Layunin ng hakbang na ito na magpaliwanag at magbigay ng mas malalim na konteksto sa mga resulta ng *quantitative data*, partikular sa mga aspektong nakitaan ng mababa o hindi inaasahang antas ng kahandaan ng guro.

Ang pangatlo at pang-apat na katanungan o suliranin na binigyang sagot ng pananaliksik ay itinakdang *qualitative*, dahil ang mga ito ay nakatuon sa pag-unawa sa hamon, pangangailangan, at mga rekomendasyon ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino 8 sa ilalim ng Enhanced MATATAG Curriculum.

## **Mga Kalahok sa Pag-aaral**

Ang pananaliksik ay isinagawa sa mga piling pampublikong paaralan sa ilalamin ng Department of Education (DepEd) Schools Division Office of Pangasinan II na kasalukuyang nagpapatupad ng Enhanced MATATAG Curriculum sa asignaturang Filipino baitang 8. Ang lugar na ito ay napili ng mananaliksik sapagkat kabilang ang dibisyon sa mga rehiyon at iba pang dibisyon na nagpapatupad ng bagong curriculum, kaya't makabuluhang matukoy ang antas ng kahandaan ng mga guro sa bagong pamantayan ng pagtuturo.

Ang populasyon ng pag-aaral ay binubuo ng mga guro sa Filipino na nagtuturo ng Baitang 8 sa mga pampublikong paaralan ng nasabing dibisyon na saklaw ang distrito 6 ng lalawigan ng Pangasinan.

Mayroong tatlumpu't dalawang (32) gurong nagsisilbing mga kalahok sa pananaliksik. Ayon kina Fraenkel, Wallen at Hyun (2019), sapat na ang 30 kalahok sa isang pag-aaral para makakuha ng makabuluhang representasyon at estadistikong pagsusuri.

Ang mga kalahok ng pag-aaral ay ang tatlumpu't dalawang (32) guro ng Filipino 8 sa DepEd SDO Pangasinan II mula sa paaralang pansekondarya ng Distrito 6 ng Pangasinan kung saan nabibilang ang sampung (10) bayan (Asingan, Balungao, Natividad, Rosales, San Manuel, San Nicolas, San Quintin, Sta. Maria, Tayug, at Umingan).

Ayon sa isinagawang paglikom gamit ang *spreadsheet*, mayroong higit na pitumpu't tatlong (73) gurong nagtuturo sa Filipino 8 sa sampung bayan na nabanggit na may animnapu't isang (61) paaralan kung saan nanggaling ang mga gurong kalahok sa pag-aaral.

Makikita sa kabilang pahina ang nalikom na populasyon ng mga gurong nagtuturo ng Filipino 8 sa ilalim ng MATATAG Enhanced MATATAG curriculum.

Bayan/Munisipalidad sa ika-6 na distrito ng Pangasinan	Bilang ng mga gurong nagtuturo sa Filipino 8
1. Rosales	11
2. Balungao	9
3. Umingan	11
4. Asingan	6
5. Sta. Maria	4
6. Tayug	6
7. San Manuel	6
8. San Nicolas	12
9. Natividad	4
10. San Quintin	4
<b>N = 73</b>	

Ginamit ng mananaliksik ang *cluster sampling technique* sa pagpili ng mga kalahok kung saan hahatiin ang populasyon sa tiyak na grupo, pagkatapos ay pipili sa grupo ng random upang magbigay ng datos, ito ay ayon kay Sedgwick na binanggit sa pag-aaral nina Shah at Sawant (2025). Ang teknik ay naangkop sapagkat ang populasyon ay malawak ang saklaw at hiwa-hiwalay ang lokasyon. Nakatutulong ito sa pagbawas ng oras at gastusin sa pananaliksik.

Ayon sa datos na nalikom na populasyon ng mga gurong nagtuturo ng Filipino 8 sa ilalim ng Enhanced MATATAG *curriculum* sa distrito 6 ng Pangasinan, pili lamang ang mga bayan kung saan kinuha ang tatlumpu't dalawang (32) kalahok sa pag-aaral. Kabilang dito ang bayan ng Balungao, Rosales, Umingan at Sta. Maria upang makuha ang *sampling* na ginamit.

Ang impormasyong makukuha sa kanila ay magiging batayan sa pag-alam ng antas ng kanilang kahandaan, hamon na nararanasan, at pangangailangan sa pagtuturo ng Filipino 8.

### **Instrumento ng Pananaliksik**

Sa pananaliksik na ito, gumamit ang mananaliksik ng survey questionnaire bilang pangunahing instrumento sa bahaging disenyo ng *Explanatory Sequential Mixed Method*.

Ang *survey questionnaire* ay naglalaman ng mga talatanungan na layuning masukat ang antas ng kahandaan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino 8. Sa pagbuo ng instrumento, hinango ng mananaliksik ang ilan sa mga indikektor sa Philippines Professional Standard for Teachers (PPST). Mula rito, nagkaroon ng balidasyon mula sa mga eksperto ang nabuong instrumento upang higit na mas mabisa sa ginawang pag-

aaral. Ang talatanungan ay dumaan sa balidasyon ng mga eksperto (mga gurong nakapagtapos ng masteral o doktorado na may karanasan sa pagtuturo na hindi bababa sa limang taon). Hinango ang instrumento ng balidasyon ng talatanungan sa pag-aaral ni Calpito (2021). Ang nabuong instrumento sa pag-aaral na ito ay binubuo ng tatlong bahagi.

Una ay ang profayl ng mga guro. Layunin ng bahagi na ito na tukuyin ang kasarian, edad, haba ng karanasan sa pagtuturo, natamong antas ng edukasyon, at bilang ng pagsasanay na mayroon ang mga kalahok.

Pangalawa ay ang antas ng kahandaan sa pagtuturo ng Filipino 8 kung saan ang mga talatanungan ay naka pukos sa apat na dimensyon (pagbuo at paggamit ng mga materyal sa pagtuturo; pagsasanay at propesyonal na pag-unlad; kaalaman at kasanayan sa *curriculum*; at kumpiyansa sa pagtuturo). Gumamit ng 5-point Likert scale (1 = Lubos na Hindi Sumasang-ayon hanggang 5 = Lubos na Sumasang-ayon) upang matukoy ang antas ng mga kalahok ukol sa kanilang kahandaan sa pagtuturo ng nasabing asignatura.

Panghuli ay ang mga hamon at kinakailangang suporta sa pagtuturo. Ang bahaging ito ay gumamit ang mananaliksik ng *semi-structured interview* upang tukuyin ang mga hamong nararanasan ng mga guro sa implementasyon ng Filipino 8 Enhanced MATATAG *Curriculum*.

### **Paraan ng Pangangalap ng Datos**

Sa bahagi ng pag-aaral na ito, isinagawa ng mananaliksik ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng isang maingat at sistematikong proseso upang matiyak ang katumpakan at kredibilidad ng resulta. Ang mga sumusunod na hakbang ay ang paraan ng mananaliksik upang makuha ang kabuuang larawan ng kahandaan ng mga piling pampublikong guro.

Una, pagpili ng mga kalahok. Ginamit ang *cluster sampling technique* sa pagpili ng tatlumpu't dalawang (32) guro sa Filipino 8 na kasulukuyang nagtuturo sa ilalim ng Enhanced MATATAG *Curriculum*.

Pangalawa, bago ipamahagi ang mga talatanungan, humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa pamunuan ng SDO Pangasinan II at mga punongguro ng mga paaralang magiging sangkot sa pananaliksik. Nagpadala ng liham-pahintulot ang mananaliksik sa mga gurong lalahok at ipinaliwanag ang layunin ng pananaliksik upang mahikayat ang kanilang boluntaryong paglahok. Ipinabatid ng mananaliksik na ang tugon ng mga kalahok ay mananatiling konpidensiyal at gagamitin lamang para sa layuning pang-akademiko.

Pangatlo, pagkatapos ng pagpapaliwanag ng layunin ng pag-aaral sa mga kalahok, ipapamahagi ang talatanungan o survey questionnaire sa pamamagitan ng *printed copies*. Bawat kalahok ay binigyan ng sapat na panahon upang sagutan ang talatanungan. Batay sa mga lumabas na mababang antas ng kahandaan, nagkaroon ng *semi-structured interview* (online) sa mga guro.

Batay sa mga hamong pampedagohiya ng isinagot ng mga kalahok, ito ay magsisilbing batayan sa pagbuo ng mga mungkahi o rekomendasyong maaaring maibigay ng pananaliksik na ito upang mapabuti at mapaunlad pa ang kahandaan ng mga guro at ang implementasyon ng asignaturang Filipino 8 sa ilalim ng Enhanced MATATAG *curriculum*.

## **Pagsusuri ng mga Datos**

Ang mananaliksik ay sistematikong sinuri ang mga nalikom na datos upang masagot ang bawat suliranin ng pag-aaral at matukoy ang uganayan ng mga baryabol.

Una, upang masuri ang profayl ng mga guro, ginamitan ng statistical software partikular ang SPSS upang matukoy ang *frequency* at *percentage score (descriptive analysis)* para maisalarawan ang distribusyon ng kasarian, edad, bilang ng taon sa pagtuturo, natapos na digri at espesyalisasyon, pinakamataas na antas ng natamong edukasyon, bilang ng dinaluhang pagsasanay kaugnay sa pagtuturo ng Filipino; at ginagampanang designasyon o katungkulan.

Pangalawa, upang matukoy ang antas ng kahandaan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino 8, tinukoy ang *mean* at *frequency distribution* batay sa 5-point Likert scale (lebel ng pagsang-ayon) na sinuri, ang nabanggit na apat na dimensyon ng kahandaan (pagkakaroon ng materyal sa pagtuturo, pagsasanay at propesyonal na pag-unlad, kaalaman at kasanayan sa *curriculum*, at kumpiyansa sa pagtuturo) ay ibinatay sa iskala ng kahandaan sa pagtuturo at binigyan ng berbal na interpretasyon mula 1.51- 2.50 mababa hanggang 4.51 – 5.00 napakataas.

Pangatlo, upang matukoy ang ugnayan sa pagitan ng profayl at antas ng kahandaan ng mga guro, gagamitin ang *correlational analysis Kendall's tau-b Biserial correlation*. Ang antas ng kahalagahan ay itatakda sa  $\alpha = 0.05$ , kung saan ang p-value na mas mababa sa 0.05 ay ituturing na may makabuluhang ugnayan.

Pang-apat, batay sa lumabas na pinakamababang kahandaan, inalam at kinuha ng mananaliksik ang saloobin ng mga guro upang matukoy ang pinakakaraniwang hamon at ang pinakamadalas na kinakaharap ng mga guro. Ginamitan ng *thematic analysis (Reflexive Thematic Analysis)* ang bahaging ito upang alamin ang mga hamong nararanasan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino 8 sa ilalim ng Enhanced MATATAG *curriculum*.

Ang huling hakbang ay ang pagsasama ng resulta at pagbibigay ng mungkahi ayon sa mga temang lumabas. Ang mananaliksik ay inihanda at pinag-aralan ang natuklasang resulta upang gamitin bilang batayan sa pagbibigay ng mga mungkahi para sa pagpapabuti ng implementasyon ng Filipino 8 sa ialalim ng Enhanced MATATAG.

## **Etikal na Konsiderasyon**

Sa pagsasakatuparan ng pananaliksik na ito, ang mananaliksik ay dumaan sa etikal na pamamaraan upang malikom ang mga datos at masuri ayon sa pamamaraang ginamit. Upang malikom ang mga datos, ang mananaliksik ay humingi ng liham para sa pahintulot sa pamunuan Pangasinan State University, School of Advance Studies, pati na rin sa Schools Division Office ng Pangasinan II.

Pagkatapos ay nagbigay ng liham para pahintulutan ang mananaliksik sa mga punongguro ng bawat paaralan na pinagkunan ng datos. Anumang datos na nalikom ng mananaliksik sa mga napiling kalahok ay mananatiling konpidensyal at gagamitin lamang sa pagsasakatuparan ng layunin ng pag-aaral na ito.

Kinilala rin ang mga naunang mananaliksik sa kanilang pag-aaral upang magsilbing batayan at sandigan sa pag-aaral na ito. Sa bawat patakaran ng silid-aklatan na pinagkuhanan ng mga impormasyon ay sinunod ng mananaliksik.

**PAGLALAHAD, PAGESUSURI AT INTERPRETASYON NG MGA DATOS**

**Profayl ng mga Gurong Nagtuturo sa Filipino 8 sa Ilalim ng Enhanced MATATAG Curriculum**

Makikita sa bahaging ito ang paglalahad ng profayl ng mga kalahok na binubuo ng 32 guro ng Filipino 8 mula sa ika-6 na distrito ng Pangasinan na naging sentral sa pag-unawa ng kalaliman ng kanilang demograpiko at propesyonal na katangian. Batay sa Talahanayan 1 ang mga kalahok ay nagpakita ng isang pagkakaiba-ibang grupo na may mataas na antas ng kwalipikasyon, na sumusuporta sa pagtataya ng epekto ng kanilang background sa kalidad ng pagtuturo.

Ayon sa mga nakaraang pananaliksik, tulad ng sa "Mga Guro sa Filipino na Nagtuturo ng Asignaturang Di Filipino: Isang Multiple Case na Pananaliksik" ni Nesas Jr. (2025), na naglalahad ng mismatches sa espesyalisasyon ng mga guro sa Filipino, na tumatalakay sa out-of-field teaching challenges, ang mga datos na ito ay nagpapatunay na ang profayl ng mga guro ay direktang nakakaapekto sa kalidad ng pagtuturo.

**Talahanayan 1**  
**Profayl ng mga Gurong Nagtuturo sa Filipino 8**  
**n=32**

Profile	Category	Frequency	Percent
Kasarian	Babae	23	71.9
	Lalake	8	25.0
	Walang Sagot	1	3.1
Edad	25-30	13	40.6
	31-40	8	25.0
	41-50	6	18.8
	51-60	5	15.6
Bilang ng Taon sa Pagtuturo	5 taon pababa	11	35.5
	6-10 taon	10	32.3
	Higit sa sampong taon	8	25.8
	Walang Sagot	3	6.4
Pinakamataas na Antas ng Natamong Edukasyon	Batsilyer	18	56.3
	Masters	14	43.8
Bilang ng Dinaluhang Pagsasanay Kaugnay sa Pagtuturo ng Pilipino	5 pababa	21	65.6
	6-10	3	9.4
	11 o higit pa	7	21.9
	Walang Sagot	1	3.1
Natapos na Digri at Espesyalisasyon	Filipino	27	84.4
	English	3	9.4
	Elementary Education	1	3.1

---

	Science	1	3.1
Posisyon sa Trabaho	Teacher 1	11	34.4
	Teacher 2	3	9.4
	Teacher 3	16	50.0
	Master Teacher 1	2	6.3

---

Inilalahad ng Talahanayan 1 ang Profayl ng mga gurong nagtuturo sa Filipino 8 (n=32) ay kung saan makikita ang demograpiko at propesyonal na katangian ng 32 guro ng Filipino 8 sa ika-6 na Distrito ng Pangasinan. Ipinapakita ng talahanayan ang distribusyon ng mga guro sa pitong pangunahing kategorya ng profayl: edad, kasarian, bilang ng taon sa pagtuturo, pinakamataas na antas ng natamong edukasyon, bilang ng dinaluhang pagsasanay kaugnay sa pagtuturo ng Filipino, natapos na digri at espesyalisasyon, at posisyon sa trabaho. Ang datos ay binubuo ng frequency at percentage para sa bawat sub-kategorya. Halimbawa, sa kasarian, 23 guro (74.2%) ang babae at 8 guro (25.8%) ang lalaki. Sa natapos na digri, 27 guro (84.40%) ang may espesyalisasyon sa Filipino. Ang presentasyon ng datos ay malinaw at detalyado, na nagbibigay ng *snapshot* ng profayl ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino 8.

Batay sa analisis, ang populasyon ng mga guro ng Filipino 8 (n=32) ay may predominanteng babae (74.2%), ipinakilita nito ang malakas na representasyon ng kababaihan sa larangan ng pagtuturo ng Filipino. Gayunpaman, ang pagiging predominanteng babae ng grupo ay maaaring magdulot ng isyu sa *diversity*. Ipinapakita ng mga pag-aaral na ang kakulangan sa gender diversity ay maaaring makaapekto sa perspektibo at representasyon sa loob ng silid-aralan, Carrell et al., (2022). Sa edad, karamihan sa mga guro ay nasa gulang na 25-30 na may kabuoang porsyentong (40.6 %) at ang mga may edad 31-40 ay may (25.0 %), na nagpapakita ng isang gulang at karanasan na sa trabaho. Ang kanilang karanasan sa pagtuturo ay sumusuporta dito, kung saan may 27.6% ang may higit sa sampung taon ng pagtuturo at 34.5% naman ang may 6-10 taon. Sa antas naman ng edukasyon, kapansin-pansin na 43.8% ng mga guro ang may Masters degree kumpara sa mga gurong nagtapos lamang ng bachelaryer (56.3%), na nagpapakita ng mataas na antas ng kwalipikasyon. Ang interpretasyon ng mga datos ay nagpapakita na ang mga guro ay may mataas na kwalipikasyon at sapat na karanasan. Ayon sa mga pag-aaral nina Darling-Hammond et al., (2022) ,ang kombinasyon ng karanasan, mataas na edukasyon, at espesyalisasyon ay nagreresulta sa mas epektibong pagtuturo.

Tungkol sa pagsasanay, 67.7% ang nakadalo sa 1-5 pagsasanay at 9.7% sa 6-10, at 22.6% sa sampo o higit pa na nadaluhang pagsasanay. Higit sa lahat, 84.4% ng mga guro ay may espesyalisasyon sa Filipino, habang 9.4% ang sa English, 3.1% na nagtapos ng Elementary Education at 3.1% naman sa Science. Sa designasyon, pinakamarami ang Teacher 3 (50.0%), sinusundan ng Teacher 1 (34.4%). Ipinapahiwatig ng mga datos na ang mga guro ay hindi lamang may sapat na karanasan at edukasyon kundi mayroon ding direktang espesyalisasyon sa kanilang tinuturo.

Ang interpretasyon ng mga datos ay nagpapakita ng ilang mahalagang implikasyon. Una, ang malaking bilang ng mga gurong may Masters degree at mahabang karanasan sa pagtuturo ay nagpapakihawig ng matatag at mataas na kalidad ng trabaho na may kakayahang maghatid ng epektibong pagtuturo sa Filipino 8. Ang kanilang direktang espesyalisasyon sa Filipino ay nagbibigay ng katiyakan sa kalaliman ng kanilang kaalaman sa asignatura. Ang bahagyang mababang bilang ng nakadalo sa "10 o higit pa" na pagsasanay (22.6%) ay nagpapakihawig ng posibleng pangangailangan para sa mas advanced at specialized na training upang higit pang mapahusay ang kanilang mga kasanayan at mapanatili ang kanilang kahusayan sa pagago-bagong larangan ng edukasyon.

Ang distribusyon ng designasyon ay sumasalamin sa progresibong tunguhin ng propesyon ng mga guro, kung saan ang karamihan ay nasa mid-level hanggang senior positions.

**Antas Ng Kahandaan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino 8 sa Ilalim ng Enhanced MATATAG Curriculum**

**Antas ng Kahandaan Batay sa Pagbuo at Paggamit ng mga Materyal sa Pagtuturo**

Ang bahaging ito ay naglalahad ng mga datos na kinalap mula sa sarbey upang matukoy ang antas ng kahandaan ng mga guro sa Filipino 8 sa pagpapatupad ng Enhanced MATATAG Curriculum.

Ang pagsusuri ay nakatuon sa aspeto ng pagbuo at paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo, na sumasaklaw sa lokalisasyon, integrasyon ng teknolohiya, at adaptasyon para sa mga mag-aaral na may iba't ibang pangangailangan.

Sa pamamagitan ng Talahanayan 2, makikita ang distribusyon ng mga kasagutan gamit ang frequency, percentage, at weighted mean upang mabigyan ng malinaw na interpretasyon ang kasalukuyang kapasidad at kahandaan ng mga kalahok sa pagharap sa mga bagong pamantayan ng kagawaran.

**Talahanayan 2**

**Antas ng Kahandaan ng Mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino 8 sa Ilalim ng Enhanced MATATAG Curriculum Batay sa Pagbuo at Paggamit ng Mga Materyal Sa Pagtuturo**

Mga Indikeyor	Antas ng Pagsang-ayon									
	Lubos na Sumasang-ayon		Sumasang-ayon		Bahagyang Sumasang-ayon		Hindi Sumasang-ayon		Lubos na Hindi Sumasang-ayon	
	F	%	F	%	F	%	F	%	F	%
1. Nagagamit nang epektibo ang mga lokal at kontekstuwalisadong materyal sa pagtuturo	20	62.5	8	25.0	4	12.5	0	0.0	0	0.0
2. Nakapagpapalano at naiaangkop ang mga aralin at materyal sa pagtuturo batay sa natatanging kalagayan ng bawat mag-aaral, kabilang ang mga may kapansanan at iba pang espesyal na pangangailangan	13	40.6	16	50.0	3	9.4	0	0.0	0	0.0
3. Nakabubuo ng mga materyal na may angkop sa layunin ng aralin at pagtatayang susukat sa pagkatuto ng mga mag-aaral at may pagsasaalang-alang sa kanilang pagkakaiba	15	46.9	11	34.4	6	18.8	0	0.0	0	0.0
4. Nakapagsasama ng makabagong teknolohiya (hal. digital na kagamitan at multimedia) sa pagtuturo ng Filipino	18	56.3	13	40.6	1	3.1	0	0.0	0	0.0

5. Nakagagawa ng kagamitang pampagtuturo na nakaayon sa MATATAG <i>curriculum</i> sa Filipino	10	31.3	17	53.1	5	15.6	0	0.0	0	0.0
<b>Mean</b>	<b>4.36 – Mataas ang Kahandaan</b>									
4.51 – 5.00	Napakataas		1.51 – 2.50		Mababa					
3.51 – 4.50	Mataas		1.00 – 1.50		Napakababa					
2.51 – 3.50	Katamtaman									

Ang Talahanayan 2 ay nagpapakita ng antas ng kahandaan ng mga guro sa Filipino 8 sa pagbuo at paggamit ng mga materyal sa pagtuturo sa ilalim ng Enhanced MATATAG *Curriculum*. Batay sa datos, ang pangkalahatang mean score ay 4.36, na nagpapakita ng "Mataas ang Kahandaan." Ang pinakamataas na antas ng "Lubos na Sumasang-ayon" (LS) ay naitala sa unang indikektor (62.5%), na tumutukoy sa epektibong paggamit ng mga lokal at kontekstwalisadong materyal. Ayon kay Bernardo (2020), ang lokalisasyon ay isang kritikal na estratehiya upang maging mas makabuluhan ang pagkatuto dahil naiuugnay ng mga mag-aaral ang mga aralin sa kanilang sariling kultura at karanasan. Ang mataas na puntos na ito ay nagpapatunay na ang mga guro ay may sapat na kakayahang iangkop ang *curriculum* sa lokal na realidad ng kanilang mga estudyante.

Sa kabilang banda, mapapansin na bagama't positibo ang pangkalahatang resulta, ang ikalawa at ikalimang indikektor ay nakakuha ng mas mataas na frequency sa categoryang "Sumasang-ayon" (S) kaysa sa "Lubos na Sumasang-ayon." Ang pag-aangkop ng aralin para sa mga mag-aaral na may kapansanan (50.0%) at ang pagbuo ng kagamitang sadyang nakaayon sa MATATAG *curriculum* (53.1%) ang mga aspetong nangangailangan pa ng pagpapalakas.

Binigyang-diin nina Reyes at Garcia (2021) na ang paglipat sa isang bagong *curriculum* ay nangangailangan ng mahabang panahon ng adaptasyon at sapat na pagsasanay upang ganap na makamit ang "mastery" sa pagbuo ng mga bagong kagamitang pampagtuturo. Ang pattern na ito ay nagpapahiwatig na ang mga guro ay nasa yugto pa lamang ng paggamit ng kanilang mga dating kasanayan upang punan ang mga bagong pangangailangan ng MATATAG framework.

Ang integrasyon ng makabagong teknolohiya (indikektor 4) ay nakakuha rin ng mataas na marka na 56.3% para sa LS, na nagpapakita ng kahandaan ng mga guro sa digital na aspeto ng pagtuturo. Gayunpaman, ang implikasyon ng kabuuang mean na 4.36 ay nagsasabing kailangan pa ring paigtingin ang mga propesyonal na workshop, lalo na sa pagbuo ng mga inklusibong kagamitan. Ayon sa UNESCO (2021), ang tunay na kahandaan ng isang guro sa ilalim ng makabagong *curriculum* ay hindi lamang nasusukat sa kaalamang panteknolohiya, kundi sa kakayahang gumawa ng mga materyal na tumutugon sa pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral (differentiated instruction).

Samakatuwid, ang kasalukuyang mataas na antas ng kahandaan ay isang matatag na pundasyon na dapat pang suportahan ng mga polisiya at kagamitan mula sa kagawaran upang maging lubos ang tagumpay ng implementasyon ng MATATAG *curriculum*.

***Antas ng Kahandaan Batay sa Pagsasanay at Propesyonal na Pag-unlad***

Inilalahad sa Talahanayan 3 ang antas ng kahandaan ng mga guro sa Filipino 8 sa ilalim ng Enhanced MATATAG *Curriculum*, partikular na nakatuon sa aspeto ng Pagsasanay at Propesyonal na Pag-unlad.

Ang bahaging ito ay mahalaga sa pagtukoy kung gaano kabilis at kaepektibong nakaaangkop ang mga guro sa mga makabagong paradim ng pagtuturo sa pamamagitan ng kanilang mga dinaluhang

workshop, pagnanais na matuto ng bagong teknolohiya, at ang suportang kanilang natatanggap mula sa institusyon. Kinuha ang frequency, porsyento, at weighted mean ng kabuoan ng indikektor upang makita ang kanilang antas ng kahandaan.

**Talahanayan 3**

**Antas ng Kahandaan ng Mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino 8 sa Ilalim ng Enhanced MATATAG Curriculum Batay sa Pagsasanay at Propesyonal na Pag-unlad**

Mga Indikektor	Antas ng Pagsang-ayon									
	Lubos na Sumasang-ayon		Lubos na Sumasang-ayon		Lubos na Sumasang-ayon		Lubos na Sumasa ng-ayon		Lubos na Sumasa ng-ayon	
	F	%	F	%	F	%	F	%	F	%
1. Nakikilahok sa mga pagsasanay, workshop, at seminar upang mapalawak ang kaalaman at kasanayan sa pagtuturo ng Filipino	20	62.5	9	28.1	3	9.4	0	0.0	0	0.0
2. Nagpapatuloy sa pag-aaral sa paaralang graduwado	17	53.1	6	18.8	8	25.0	0	0.0	1	3.1
3. Nagpapakita ng pagnanais na matuto ng mga bagong pamamaraan at teknolohiya sa pagtuturo	22	68.8	8	25.0	2	6.3	0	0.0	0	0.0
4. Nakatatanggap ng sapat na suporta mula sa paaralan kaugnay sa propesyonal na pag-unlad	9	28.1	13	40.6	10	31.3	0	0.0	0	0.0
5. Nakikipagtulungan sa mga kapwa guro at komunidad upang mapabuti ang mga kasanayan sa pagtuturo	16	50.0	16	50.0	0	0.0	0	0.0	0	0.0
<b>Mean</b>	<b>4.36 - Mataas ang Kahandaan</b>									
4.51 – 5.00	Napakataas		1.51 – 2.50		Mababa					
3.51 – 4.50	Mataas		1.00 – 1.50		Napakababa					
2.51 – 3.50	Katamtaman									

Ipinapakita naman sa Talahanayan 3 antas ng kahandaan ng mga guro sa Filipino 8 sa ilalim ng Enhanced MATATAG Curriculum sa aspeto ng Pagsasanay at Propesyonal na Pag-unlad. Batay sa nakalap na datos, ang pangkalahatang mean score ay nagtala ng 4.36, na may interpretasyong "Mataas ang Kahandaan." Ang pinakamataas na porsyento ng "Lubos na Sumasang-ayon" (LS) ay makikita sa ikatlong indikektor na may 68.8%, na nagpapatunay na ang mga guro ay may napakataas na pagnanais na matuto ng mga bagong pamamaraan at teknolohiya sa pagtuturo.

Sa kabilang banda, bagama't mataas ang pangkalahatang marka, mapapansin ang isang kritikal na punto sa ikaapat na indikektor: ang pagtanggap ng sapat na suporta mula sa paaralan. Ito lamang ang indikektor kung saan ang "Sumasang-ayon" (S) na may 40.6% at "Bahagyang Sumasang-ayon" (BS) na may 31.3% ay mas nangingibabaw kaysa sa "Lubos na Sumasang-ayon" (28.1%). Ipinapakita nito na bagama't handa at pursigidong matuto ang mga guro, may kakulangan sa nararamdamang suportang

institusyonal mula sa kanilang mga paaralan. Binigyang-diin nina Reyes at Garcia (2021) na ang propesyonal na pag-unlad ay hindi lamang nakadepende sa indibidwal na sikap kundi sa "support system" na ibinibigay ng administrasyon, kabilang ang pondo para sa seminar, oras para sa pagsasanay, at mga kagamitang kailangan sa makabagong pagtuturo.

Ang mataas na porsyento ng mga guro na nagpapakita ng pagnanais na matuto (indikeytor 3, 68.8%) ay umaayon sa teorya ni Hargreaves (2021) na ang "emotional capital" ng mga guro ay ang kanilang pinakamahalagang asset sa panahon ng reporma sa edukasyon. Ayon sa kanya, ang mga gurong may positibong disposisyon sa pagbabago ay mas madaling nakakaangkop sa mga bagong *curriculum* tulad ng MATATAG dahil itinuturing nila ang mga hamon bilang pagkakataon para sa propesyonal na paglago. Ang ganitong antas ng dedikasyon ay mahalaga upang mapunan ang mga gaps sa pormal na pagsasanay sa pamamagitan ng pansariling inisyatibo. Ang datos ay nagpapakita ng isang "propesyonal na paradox" kung saan ang mataas na motibasyon ng mga guro ay tila hindi sapat na natutugunan ng suportang administratibo (Indicator 4, 28.1% LS). Bagama't mataas ang motibasyon, ang mababang marka sa suporta mula sa paaralan (indikeytor 4, 28.1%) ay isang kritikal na usapin na tinalakay ni Fullan, (2020) sa kanyang pag-aaral tungkol sa Educational Change. Ayon kay Fullan, ang anumang inobasyon sa *curriculum* ay madalas na nabibigo kapag walang sapat na "administrative scaffolding." Hindi sapat na handa ang guro sa isipan; kailangan ng materyal na suporta, sapat na oras para sa kolaborasyon, at direkta at malinaw na gabay mula sa mga pinuno ng paaralan upang ang "Mataas na Kahandaan" ay maging epektibong pagtuturo sa loob ng silid-aralan.

Gayunpaman, ang mataas na antas ng pakikipagtulungan sa mga kapwa guro (indikeytor 5, 50% LS at 50% S) ay nagsisilbing mekanismo upang punan ang mga pagkukulang sa pagsasanay sa pamamagitan ng peer mentoring. Ayon sa UNESCO (2021), ang kolaboratibong pagkatuto sa pagitan ng mga guro ay isa sa pinakapektibong paraan ng propesyonal na pag-unlad sa gitna ng limitadong kagamitan. Ang implikasyon nito ay kailangang mas palakasin pa ng pamunuan ng paaralan ang kanilang mga programa para sa Faculty Development upang ang pagnanais ng mga guro na matuto ay magbunga ng mas mataas na kalidad ng pagtuturo sa ilalim ng MATATAG framework.

Ipinapakita ng resulta na bagaman nasa mataas na antas ang kahandaan, malaking bahagi pa rin ng mga kalahok ang nakadalo lamang sa isa hanggang limang pagsasanay kaugnay ng bagong kurikulum. Ang limitadong bilang ng dinaluhang seminar ay nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa mas malawak at malalimang kapasidad. Ayon sa pag-aaral ni Kilag (2024), ang komprehensibong pagsasanay ay isa sa mga pangunahing haligi upang matiyak ang matagumpay na implementasyon ng MATATAG Curriculum. Binigyang-diin din ni Bazar (2025) na ang kakulangan sa detalyadong oryentasyon ay maaaring magbunga ng hindi pantay na antas ng pagtuturo sa iba't ibang rehiyon. Samakatuwid, ang resultang ito ay nagpapatunay na ang propesyonal na pag-unlad sa pamamagitan ng mga Learning Action Cell (LAC) at seminar ay dapat na maging tuloy-tuloy upang mapanatili ang kalidad ng instruksyon.

### ***Antas ng Kahandaan Batay sa Kaalaman at Kasanayan sa Curriculum***

Ang Talahanayan 4 ay nagpapakita ng distribusyon ng mga tugon, percentage, at weighted mean na naglalarawan sa antas ng kahandaan ng mga guro sa Filipino 8 batay sa kanilang kaalaman at kasanayan sa Enhanced MATATAG *Curriculum*.

Sa bahaging ito, sinuri ang kakayahan ng mga guro sa pag-unawa sa nilalaman, pagpapalano ng aralin, at paggamit ng mga makabagong estratehiya at pagtataya na hinihingi ng bagong balangkas ng edukasyon. Ang mga numerikal na datos na nakalap ay magsisilbing batayan upang matukoy ang mga kalakasan ng mga guro at ang mga aspetong nangangailangan pa ng karagdagang suporta o pagsasanay.

Makikita sa kabilang pahina ang talahanayan ng distribusiyon ng mga datos batay sa kaalaman at kasanayan sa *curriculum* ng mga guro. Mula sa nakalap na datos mula sa mga kalahok ng pag-aaral, ay kinuha ang weighted mean at percentage ng bawat domeyn at inilarawan ito sa pamamagitan ng deskriptibong interpretasyon.

**Talahanayan 4**

**Antas ng Kahandaan ng Mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino 8 sa Ilalim ng Enhanced MATATAG Curriculum Batay sa Kaalaman at Kasanayan sa Curriculum**

Mga Indikeytor	Antas ng Pagsang-ayon									
	Lubos na Sumasang-ayon		Lubos na Sumasang-ayon		Lubos na Sumasang-ayon		Lubos na Sumasang-ayon		Lubos na Sumasang-ayon	
	F	%	F	%	F	%	F	%	F	%
1. Nagtataglay ng malalim na pag-unawa sa nilalaman ng <i>curriculum</i>	13	40.6	<b>16</b>	<b>50.0</b>	3	9.4	0	0.0	0	0.0
2. Nakapagpapalano ng mga aralin na naaayon sa itinakdang kompetensi ng Enhance MATATAG <i>curriculum</i> para sa Filipino 8	12	37.5	<b>17</b>	<b>53.1</b>	3	9.4	0	0.0	0	0.0
3. May sapat na kaalaman sa mga estratehiya sa pagtuturo na inirekomenda ng bagong <i>curriculum</i>	6	18.8	<b>18</b>	<b>56.3</b>	8	25.0	0	0.0	0	0.0
4. Nakabubuo ng pagtatayang naaangkop sa hinihinging pamantayan sa pagganap sa <i>curriculum</i>	<b>15</b>	<b>48.4</b>	12	38.7	4	12.9	0	0.0	0	0.0
5. Nakapag-uugnay ng aralin sa Filipino 8 sa kakayahang literasiya at numerasiya ng mag-aaral	14	43.8	<b>16</b>	<b>50.0</b>	2	6.3	0	0.0	0	0.0
<b>Mean</b>	<b>4.25 - Mataas ang Kahandaan</b>									
4.51 – 5.00	Napakataas		1.51 – 2.50		Mababa					
3.51 – 4.50	Mataas		1.00 – 1.50		Napakababa					
2.51 – 3.50	Katamtaman									

Ipinapakita sa Talahanayan 4 ang antas ng kahandaan ng mga guro sa Filipino 8 sa ilalim ng Enhanced MATATAG Curriculum batay sa kanilang kaalaman at kasanayan. Nakakuha ang categoryang ito ng pangkalahatang weighted mean na 4.25, na may deskriptibong interpretasyon na "Mataas ang Kahandaan". Kapansin-pansin na ang indikeytor 3, na tumutukoy sa pagkakaroon ng sapat na kaalaman sa mga estratehiya sa pagtuturo na inirekomenda ng bagong *curriculum*, ang nakakuha ng pinakamataas na frequency para sa categoryang "Sumasang-ayon" (S) na may 56.3% (18 guro). Ipinapakita nito na ang mga guro ay may positibong pagtanggap at pag-unawa sa mga bagong metodolohiya ng MATATAG curriculum partikular sa Filipino 8. Ayon kay Garcia (2024), ang tagumpay ng pag-aangkop sa isang bagong



*curriculum* ay nakadepende sa pagiging pamilyar ng mga guro sa mga pedagogical shifts na layuning gawing mas simple at epektibo ang pagkatuto.

Sa mas malalim na pagsusuri, makikita na ang indikektor 4, na tungkol sa pagbuo ng pagtatayang naaangkop sa mga pamantayan (Performance Standards), ang nakakuha ng pinakamataas na porsyento sa "Lubos na Sumasang-ayon" (LS) na may 48.4% (15 guro). Ipinapakita nito na bihasa ang mga guro sa paggawa ng mga assessment tools na susukat sa tunay na natutunan ng mga mag-aaral. Gayundin, ang pag-uugnay ng aralin sa literasiya at numerasiya (indikektor 5) ay nakakuha ng 50% na pagsang-ayon, na isa sa mga pangunahing mithiin ng MATATAG. Sang-ayon ito sa pag-aaral ni Reyes (2023) na nagsasabing ang integrasyon ng mga batayang kasanayan tulad ng literasiya sa lahat ng asignatura ay krusyal upang matugunan ang learning gaps ng mga Pilipinong mag-aaral sa ilalim ng bagong balangkas ng DepEd.

Ang pangkalahatang mean na 4.25 ay nagpapatunay na ang mga guro ay may sapat na pundasyon upang ipatupad ang Enhanced MATATAG *Curriculum* sa Filipino 8. Bagaman mataas ang kahandaan, ang pagkakaroon ng mga tugon sa "Bahagyang Sumasang-ayon" (BS) sa lahat ng indikektor (mula 6.3% hanggang 25.0%) ay nagpapahiwatig na may mga guro pa ring nangangailangan ng karagdagang *technical assistance o mentoring*. Ayon sa *Department of Education* (2023), ang patuloy na pagsasanay at pagbibigay ng sapat na learning kagamitan ay mahalaga upang ang "Mataas na Kahandaan" ay maging "Lubos na Kahandaan," lalo na sa pagpapalano ng mga araling naaayon sa itinakdang kompetensiya.

Ang pangkalahatang mean na 4.25 sa aspeto ng kaalaman at kasanayan ay nagpapahiwatig ng mataas na antas ng kahandaan, partikular na sa pagbuo ng mga kagamitang pampagtataya at pag-uugnay ng literasiya at numerasiya sa Filipino 8.

Ang positibong kinalabasan na ito ay sang-ayon sa pag-aaral ni Garcia (2024), na nagsasaad na ang tagumpay ng reporma sa edukasyon *pedagogical shifts* ay nakasalalay sa antas ng pagpamilyar ng mga guro sa mga. Ang mahusay na integrasyon ng literasiya at numerasiya ay umaayon din sa pananaliksik ni Reyes (2023), na nagpaliwanag na ang mga kasanayang ito ay pundasyon upang matugunan ang mga "learning gaps" ng mga mag-aaral sa bansa.

Ipinapakita ng resultang ito ang praktikal na aplikasyon ng TPACK framework, kung saan ang integrasyon ng nilalaman at pamamaraan ng pagtuturo ay nagreresulta sa mas epektibong paghahatid ng aralin.

***Antas ng Kahandaan Batay sa Kumpiyansa sa Pagtuturo***

Binibigyang-diin sa bahaging ito ang pagsusuri sa kumpiyansa ng mga guro sa kanilang sariling kakayahan at estratehiya sa loob ng silid-aralan. Sa pamamagitan ng mga inilahad na frequency at weighted mean, matutukoy ang pangkalahatang disposisyon ng mga respondent sa pagharap sa mga bagong hamon ng *curriculum*.

**Talahanayan 5**

**Antas ng Kahandaan ng Mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino 8 sa Ilalim ng Enhanced MATATAG Curriculum Batay sa Kaalaman at Kasanayan sa Kurikulum**

Mga Indikektor	Antas ng Pagsang-ayon				
	Lubos na Sumasang-ayon	Lubos na Sumasang-ayon	Lubos na Sumasang-ayon	Lubos na Sumas	Lubos na Sumasang-ayon

	F		%		F		%		ang-ayon	
	F	%	F	%	F	%	F	%	F	%
1. Nagtataglay ng tiwala sa sarili sa pagtuturo ng Filipino gamit ang MATATAG curriculum	22	68.8	9	28.1	1	3.1	0	0.0	0	0.0
2. Nasasagot nang tumpak ang mga tanong ng mag-aaral sa pagtuturo	18	56.3	10	31.3	4	12.5	0	0.0	0	0.0
3. May tiwala sa sariling kakayahang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino	22	68.8	9	28.1	1	3.1	0	0.0	0	0.0
4. Komportableng nakagagamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng Filipino	21	65.6	10	31.3	1	3.1	0	0.0	0	0.0
5. Hindi kinakabahan o nauutal sa pagtuturo	21	65.6	11	34.4	0	0.0	0	0.0	0	0.0
<b>Mean</b>	<b>4.61 – Napakataas ang Kahandaan</b>									
4.51 – 5.00	Napakataas	1.51 – 2.50		Mababa						
3.51 – 4.50	Mataas	1.00 – 1.50		Napakababa						
2.51 – 3.50	Katamtaman									

Ang Talahanayan 5 ay nagpapakita ng antas ng kahandaan ng mga guro sa Filipino 8 sa ilalim ng Enhanced MATATAG Curriculum batay sa kanilang kumpiyansa sa pagtuturo. Sa pangkalahatan, nakakuha ang mga respondent ng kabuuang mean na 4.61, na nagpapatunay na ang mga guro ay may Napakataas ang Kahandaan sa pagpapatupad ng bagong curriculum. Ang lahat ng limang indicator ay nakapagtala ng pinakamataas na frequency sa kategoryang "Lubos na Sumasang-ayon" (LS), habang wala namang naitalang tugon (0%) sa mga negatibong kategorya (HS at LHS).

Ang indikektor 1 at 3 ang nakakuha ng pinakamataas na frequency na 22 o 68.8% sa ilalim ng LS, na nagpapatunay na ang mga guro ay may matibay na tiwala sa kanilang sarili at sa kakayahang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral. Sa kabilang banda, bagaman mataas pa rin, ang indikektor 2 ("Nasasagot nang tumpak ang mga tanong ng mag-aaral") ang nakapagtala ng pinakamababang frequency sa LS na 18 o 56.3%. Ipinapakita nito na habang handa ang mga guro, may maliit na bahagi pa rin ang nangangailangan ng mas malalim na mastery sa nilalaman ng curriculum upang masagot ang lahat ng posibleng katanungan sa klase.

Ipinapakita ng datos na ang mga guro ay hindi lamang handa sa aspeto ng kaalaman kundi pati na rin sa aspetong sikolohikal. Ang mataas na antas ng kumpiyansa sa paggamit ng iba't ibang estratehiya (indikektor 4) at ang kawalan ng kaba o pag-aalinlangan sa pagtuturo (indikektor 5) ay mga positibong indikasyon ng tagumpay ng MATATAG Curriculum.

Ang aspeto ng kumpiyansa sa pagtuturo ang nakakuha ng pinakamataas na marka sa lahat ng kategorya na may mean na 4.61 (Napakataas na Kahandaan). Ang mataas na tiwala ng mga guro sa kanilang kakayahang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral ay nagpapakita ng positibong sikolohikal na disposisyon. Ayon kay Larono (2025), ang mataas na kumpiyansa ay itinuturing na pangunahing motibasyon sa pagtanggap at pagyakap sa mga bagong repormang pang-edukasyon.

Pinagtibay din ito ng pag-aaral ni Linggas (2025) na nagsasabing ang panloob na kahandaan ng guro ay mahalaga sa paglalapat ng mga "targeted interventions" para sa ikabubuti ng mga mag-aaral.

Gayunpaman, ang pag-aaral nina Abelgas et al. (2024) ay nagpapaalala na ang kumpanyang ito ay dapat laging may kaakibat na sapat na suporta mula sa institusyon upang maiwasan ang anumang balakid sa aktwal na pagtuturo sa loob ng silid-aralan.

***Kabuoang Antas ng Kahandaan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino 8 sa ilalim ng Enhanced MATATAG Curriculum***

Ipinapakita sa Talahanayan 6 ang pangkalahatang buod ng antas ng kahandaan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino 8 sa ilalim ng Enhanced MATATAG Curriculum. Sinusuri sa bahaging ito ang pagsasama-sama ng apat na mahahalagang domain: ang pagbuo ng materyales, pagsasanay, kaalaman sa curriculum, at ang kanilang kumpiyansa sa pagtuturo.

Ang mga datos na inilahad ay nagsisilbing batayan upang matukoy ang pangkalahatang kakayahan at kahandaan ng mga respondent sa implementasyon ng mga bagong curriculum.

**Talahanayan 6**

**Kabuoang Antas ng Kahandaan ng Mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino 8 sa Ilalim ng Enhanced MATATAG Curriculum**

<b>Domeyn</b>	<b>Mean</b>	<b>Deskripsiyon</b>	
Pagbuo at Paggamit ng mga Materyal sa Pagtuturo	4.36	Mataas	ang Kahandaan
Pagsasanay at Propesyonal na Pag-unlad	4.36	Mataas	ang Kahandaan
Kaalaman at Kasanayan sa Curriculum	4.25	Mataas	ang Kahandaan
Kumpiyansa sa Pagtuturo	4.61	Napakataas	ang Kahandaan
<b>Overall Mean</b>	<b>4.39</b>	<b>Mataas</b>	<b>ang Kahandaan</b>
4.51 – 5.00	Napakataas	1.51 – 2.50	Mababa
3.51 – 4.50	Mataas	1.00 – 1.50	Napakababa
2.51 – 3.50	Katamtaman		

Ang talahanayan 6 ay nagpapakita ng kabuoang antas ng kahandaan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino 8 sa ilalim ng Enhanced MATATAG Curriculum, kung saan ang pangkalahatang weighted mean na 4.39 ay nagpapahiwatig na ang mga guro ay nagtataglay ng "Mataas na Kahandaan" (High Readiness). Sa pagsusuri ng apat na pangunahing domeyn, lumabas na ang Kumpiyansa sa Pagtuturo (Confidence in Teaching) ang nakapagtala ng pinakamataas na marka na may weighted mean na 4.61, na naglalarawan ng "Napakataas na Kahandaan" (Very High Readiness). Sa kabilang banda, ang domeyn ng Kaalaman at Kasanayan (Knowledge and Skills) ang nakakuha ng pinakamababang marka na may weighted mean na 4.25, bagaman ito ay kabilang pa rin sa categoryang "Mataas na Kahandaan." Ang dalawa pang



domeyn, ang Pagbuo at Paggamit ng Materyal (4.36) at Pagsasanay at Pag-unlad (4.33), ay nagpakita rin ng matatag na antas ng kahandaan.

Sa pagsusuri ng datos, bagaman mayroong maliit na agwat na 0.36 sa pagitan ng pinakamataas at pinakamababang domeyn, malinaw na ang mga guro ay mas handa sa aspetong sikolohikal at emosyonal kaysa sa teknikal na aspeto ng *curriculum*.

Ang pangkalahatang antas ng kahandaan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino 8 sa ilalim ng Enhanced MATATAG Curriculum ay nakakuha ng kabuoang weighted mean na 4.39, na may deskriptibong interpretasyon na "Mataas na Kahandaan". Ang resultang ito ay nagpapakita na ang mga guro sa ikaanim na distrito ng Pangasinan ay nagtataglay ng sapat na kakayahan at positibong disposisyon sa pagpapatupad ng bagong kurikulum sa asignaturang Filipino.

Ang mataas na antas ng kahandaang ito ay sang-ayon sa kaisipang inilahad sa pag-aaral ni Kilag (2024), na nagbigay-diin sa kahalagahan ng paghahanda ng mga guro bilang sentro ng anumang repormang pang-edukasyon sa Pilipinas. Ang positibong resulta sa pangkalahatang kahandaan ay maaari ring iugnay sa obserbasyon nina Bell at Gower (2011, bilang binanggit sa Chen, 2020) na ang epektibong paghahatid ng nilalaman ay nakadepende sa kung paano naiuugnay ng mga guro ang kurikulum sa pangangailangan ng mga mag-aaral.

Bukod dito, ang natuklasang mataas na antas ng "Kumpiyansa sa Pagtuturo" (WM=4.61) sa Talahanayan 6 ay nagpapatunay sa pahayag ni Garcia (2024) na ang tagumpay ng transisyon sa isang bagong kurikulum, gaya ng MATATAG, ay nakasalalay sa sikolohikal na pagtanggap at pamilyaridad ng mga guro sa mga *pedagogical shifts*. Bagaman mataas ang pangkalahatang marka, ang pagkakaroon ng pinakamababang weighted mean sa aspekto ng "Kaalaman at Kasanayan" (WM=4.25) ay nabanggit sa pag-aaral ni Laron (2025) na ang sapat na kaalaman sa mga bagong kompetensi ay krusyal upang maiwasan ang hindi lubos na pagsasakatuparan ng mga layunin ng kurikulum. Ang resultang ito ay nagpapakita na sa kabila ng mataas na kahandaang internal, nananatiling mahalaga ang patuloy na pagsasanay at suportang teknikal upang mapanatili ang kalidad ng pagtuturo sa Filipino 8. Ipinahihiwatig nito na sa kabila ng kanilang lakas ng loob, kinikilala ng mga guro na mayroon pa ring mga "gaps" o puwang sa kanilang teknikal na pag-unawa sa mga bagong kompetensi at pedagohiya.

### **Ugnayan ng Antas ng Kahandaan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino 8 sa Kanilang Propayl**

Ipinapakita sa Talahanayan 7 ang pagsusuri sa ugnayan sa pagitan ng profayl ng mga guro at ng kanilang antas ng kahandaan sa pagtuturo ng Filipino 8. Ginamit sa pag-aaral na ito ang mga istadistikal na pamamaraan na Kendall's tau-b at Biserial correlation upang matukoy kung may makabuluhang kinalaman ang mga personal na salik tulad ng edad, kasarian, at edukasyon sa apat na pangunahing kategorya ng kahandaan.

Batay sa mga datos na nakatala, makikita ang mga *correlation coefficient* at *significance level* na nagsisilbing batayan kung ang mga nabanggit na baryabol ay may tuwiran o di-tuwirang relasyon sa kakayahan ng mga gurong kalahok.

**Talahanayan 7**  
**Ugnayan ng Antas ng Kahandaan ng Mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino 8 sa Kanilang Propayl**

Profile	Kahandaan ng Mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino 8					
		Pagbuo at Paggamit ng mga Materyal sa Pagtuturo	Pagsasanay at Propesyonal na Pag-unlad	Kaalaman at Kasanayan sa Curriculum	Kumpiyansa sa Pagtuturo	Pangkalahatang Antas
Edad	$\tau_B$	-0.333	-0.103	-0.245	-0.312	-0.297
	Sig.	0.063	0.575	0.177	0.082	0.099
Kasarian	$r_{pb}$	0.080	-0.139	0.106	0.201	0.070
	Sig.	0.667	0.457	0.571	0.278	0.710
Bilang ng Taon sa Pagtuturo	$\tau_B$	-0.239	-0.210	-0.259	-0.231	-0.254
	Sig.	0.124	0.180	0.093	0.147	0.091
Pinakamataas na Antas ng Natamong Edukasyon	$\tau_B$	0.275	0.271	-0.041	-0.042	0.146
	Sig.	0.128	0.133	0.825	0.821	0.425
Bilang ng Dinaluhang Pagsasanay Kaugnay sa Pagtuturo ng Pilipino	$\tau_B$	-0.064	0.111	0.010	-0.044	0.003
	Sig.	0.675	0.474	0.950	0.781	0.983
Natapos na Digri at Espesyalisasyon	$\tau_B$	0.139	0.137	0.059	-0.046	0.092
	Sig.	0.448	0.454	0.748	0.803	0.616

<sup>a</sup>Kendall's tau-b

<sup>b</sup>Biserial correlation

Makikita sa Talahanayan 7 ang ugnayan ng antas ng kahandaan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino 8 at ang kanilang propayl batay sa edad, kasarian, bilang ng taon sa pagtuturo, pinakamataas na antas ng natamong edukasyon, bilang ng dinaluhang pagsasanay kaugnay sa pagtuturo ng Filipino, at natapos na digri at espesyalisasyon. Batay sa resulta, lumalabas na walang estadistikang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga nabanggit na salik at ng kahandaan ng mga guro sa lahat ng dimensiyon: pagbuo

at paggamit ng mga materyal sa pagtuturo, pagsasanay at propesyonal na pag-unlad, kaalaman at kasanayan sa *curriculum*, kumpiyansa sa pagtuturo, at kabuuang antas ng kahandaan sapagkat ang lahat ng halaga ng significance ay mas mataas kaysa sa itinakdang antas ng kabuluhan. Bagama't may mga negatibo at positibong halaga ng korelasyon na naitala, ang mga ito ay mahina at hindi sapat upang magpahiwatig ng makabuluhang relasyon, na nagpapakita na ang kahandaan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino 8 ay hindi tuwirang naiimpluwensiyahan ng kanilang demograpikong profayl kundi maaaring mas nakabatay sa iba pang salik tulad ng personal na inisyatiba, suporta ng institusyon, at aktuwal na karanasan sa pagtuturo.


### **Mga Hamon ng mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino 8 sa Ilalim ng Enhanced MATATAG Curriculum**

Inalam ng mananaliksik ang karaniwang hamon sa pagtuturo ng Filipino 8 sa ilalim ng Enhanced MATATAG Curriculum ng mga kalahok batay sa resulta ng yugtong *quantitative* mula sa Suliranin 2 ng pananaliksik. Kinuha ang pinakamababang weighted mean ng apat na domeyn kung saan sinukat ang kahandaan ng mga gurong nagtuturo sa Filipino 8. Ayon sa lumabas na resulta, pinakamababang weighted mean (4.25) ang kalaaman at kasanayan sa *curriculum* ng mga guro. Mayroong labing-isang (11) kalahok na nagpaunlak ng panayam at nagbigay tugon. Inilahad ang sistematikong proseso ng pagsusuri sa mga datos na nakalap mula sa pakikipanayam tungkol sa mga hamon sa kaalaman at kasanayan ng mga guro sa Filipino 8.

Ayon sa pag-aaral ni Elardo (2025) na “Teachers Preparedness, Needs and Challenges in the Implementation of MATATAG Curriculum” ipinakita ang umiiral na kahandaan ng mga guro sa pagpapatupad ng MATATAG curriculum sa Schools Division ng Iloilo. Bagama't karamihan sa mga guro ay nasa katamtamang antas ng pagtanggap sa reporma ng *curriculum*, ipinapakita ang kakulangan sa pagsasanay, limitadong kagamitang panturo at sistematikong hadlang sa epektibong implementasyon. Binigyang diin din sa pag-aaral ni Larono (2025), na ang mga guro ay handa batay sa kanilang kasanayan at positibong saloobin sa pagtuturo. Gayunpaman, ang kanilang kahandaan para sa Matatag Curriculum ay hindi pa ganap na tiyak gaya ng ipinakita ng kanilang mga tugon hinggil sa kanilang exposure at kaalaman sa nilalaman ng *curriculum*. Binanggit na ang mga guro ay hirap sa pagharap sa limitadong oras na inilaan sa mga asignaturang MATATAG, kakulangan ng angkop na kagamitang panturo, hirap nap ag-aangkop ng bagong *curriculum* sa umiiral na kagamitan ng paaralan at kakulangan ng sapat na pagsasanay.

Ang mananaliksik ay pumili ng naaangkop na modelo para sa pagbuo ng mga temang kinailangan para sa paglalahad ng mga hamong nararanasan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino 8 sa ilalim ng Enhanced MATATAG curriculum.

Ginamit sa bahaging ito ang anim na hakbang ng *Reflexive Thematic Analysis* nina Braun at Clarke,(2021). Nilinaw sa kanilang aklat na *Thematic Analysis: A Practical Guide*, ang pagkakaiba ng kanilang modelo sa ibang uri ng qualitative analysis, na nagbibigay-diin sa aktibong papel ng mananaliksik sa pagbuo ng mga tema. Ginamit ang modelong ito upang matiyak ang organisado at malalim na interpretasyon ng mga kasagutan mula sa mga kalahok.

**Figura 2**

Hakbang sa Pagsasagawa ng Thematic Analysis  
(*Reflexive Thematic Analysis* nina Braun at Clarke, 2021)

Makikita sa inilalahad na resulta ng tematiko at kwalitatibong pagsusuri sa mga naging hamon ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino 8 sa ilalim ng Enhanced MATATAG Curriculum. Ang pagsusuri sa mga kwalitatibong datos ng pananaliksik na ito ay ginamitan ng metodong thematic analysis upang sistematikong matukoy, masuri, at maitala ang mga temang umusbong mula sa mga naratibong karanasan ng mga kalahok. Batay sa metodolohiyang inilatag sa Figura 2, ang proseso ay nagsimula sa pamilyarisasyon sa datos, kung saan ang mga transkripsyon mula sa *Interview Guided Questionnaire* ay paulit-ulit na binasa upang makuha ang esensya ng mga sagot. Kasunod nito ang pagbuo ng mga inisyal na code, kung saan tinukoy ang mga susing kaisipan gaya ng "kakulangan sa modyul," "hindi Filipino major," at "kakapusan sa oras". Mula sa mga code na ito, isinagawa ang paghahanap at pagpipino ng mga tema upang matiyak na ang mga ito ay may direktang ugnayan sa mga suliranin ng pag-aaral, hanggang sa marating ang pinal na pagbibigay-kahulugan sa mga temang napalitaw.

Batay sa pagsusuri, lumitaw ang tatlong pangunahing tema na nagpapakita sa kasalukuyang kalagayan ng mga guro sa larangan. Bilang resulta, ang mga hamon ay ang mga sumusunod:

### **Tema 1: Kakulangan sa Instruksiyonal at Kagamitan sa Pagtuturo**

Ang unang temang lumitaw ay nakatuon sa kakapusan ng mga kagamitang pampagtuturo na itinuturing na pundasyon ng epektibong implementasyon ng curriculum. Ayon kay Kalahok A, isa sa mga pangunahing hamon ay ang "*Kakulangan ng materyal sa pagtuturo at sapat na oras para mapag-aralang mabuti ang panibagong curriculum*". Batay sa mga kasagutan, malinaw na ang kakulangan sa mga aklat at modules para sa mga mag-aaral ang pangunahing hamon na kinakaharap ng mga guro. Binigyang-diin ng ilang kalahok na ang kakulangan ng sapat na materyal at pangkalahatang pondo mula sa pamahalaan ay nagreresulta sa kahirapan sa pagbuo ng isang produktibong kapaligiran sa pag-aaral. Dagdag pa ni Kalahok H, ang paggawa ng module at Daily Lesson Log nang sabay ay "*nakakapagod sa pisikal at mental na*

*aspeto*" na nagreresulta sa pagkabawas ng "*sigla at creativity ng guro*". Dahil dito, ang mga guro ay napipilitang gumugol ng sariling oras sa paggawa ng mga *learning materials* upang punan ang puwang na iniwan ng kakulangan sa opisyal na kagamitan. Ang sitwasyong ito ay nagpapakita na ang mabilis na pagbabago sa *curriculum* ay hindi agad naabutan ng sapat na lohistika, na nagiging sanhi ng pagkaantala sa ganap na pagkatuto ng mga mag-aaral.

## **Tema 2: Pedagogikal na Kompetensi at Adaptasyong Pampropesyonal**

Ipinapakita ng ikalawang tema ang sikolohikal at teknikal na paghahanda ng mga guro sa pagharap sa mga bagong paksang inilatag ng DepEd. Marami sa mga kalahok ang nagpahayag ng pangangailangan para sa mas malalim na trainings at workshops upang lubos na maunawaan ang bagong sistema bago ito tuluyang ituro sa klase. Kapansin-pansin din ang hamon para sa mga gurong hindi Filipino majors, gaya ng mga English majors, na nahihirapang umangkop sa mas malalim na kasanayan at espesyalisadong kaalaman na hinihingi ng Enhanced MATATAG *Curriculum*.

Ayon kay Kalahok B, bilang isang English major, nahaharap siya sa hamon sa "*pag-angkop sa mas malalim at kasanayang nakatuon na pagtuturo*" at "*pagbuo ng angkop na pagtataya*". Ang kakulangan sa eksposyur sa mga estratehiya sa pagtuturo ng Filipino ay nagdudulot ng limitadong pagtalakay sa mga aralin, lalo na sa mga bahagi ng panitikan at kritikal na pagsusuri na nangangailangan ng mataas na antas ng pag-unawa. Inamin ni Kalahok I na may mga aralin tulad ng "*panitikan, kritikal na pagsusuri*" na nangangailangan ng mas mataas na antas ng pag-unawa at hamon ang pagtuturo nito sa paraang madaling maunawaan.

## **Tema 3: Pragmatikong Pakikiangkop at Pedagogikal na Pagbabago**

Ang huling temang nabuo ay sumasalamin sa kung paano binabago ng mga guro ang kanilang estratehiya upang makaagapay sa mga hamon. Dahil sa dami ng administratibong gawain o paper works at kakulangan ng oras sa paghahanda ng banghay aralin o DLL, nagkakaroon ng negatibong epekto sa sigla at pagiging malikhain ng mga guro.

Sa ilang pagkakataon, napipilitan ang mga guro na maging *teacher-centered* at gumamit na lamang ng lektyur sa halip na interactive learning dahil sa kapusan ng panahon. Dahil sa kakulangan ng oras, inamin ni Kalahok I na "*minsan napipilitang mag-lecture na lamang kaysa interactive learning*".

Gayunpaman, sa kabila ng mga limitasyong ito, may mga guro ring nakakakita ng positibong dulot nito dahil nahahasa silang maging mas mapamaraan, *flexible*, at masakap na iangkop ang kanilang pagtuturo sa layunin ng MATATAG *Curriculum* upang matugunan ang *diverse learning needs* ng mga estudyante. Sa kabila ng mga hamon, sinabi ni Kalahok C na ang sitwasyon ay may positibong dulot dahil "*nahahasa ako na maging mas malikhain, mapamaraan, at mas nagsisikap na iangkop ang aking pagtuturo sa layunin ng MATATAG Curriculum*".

Bilang buod, ipinapakita sa ibaba ang mas tiyak na paglalahad ng tatlong hamong tema at deskripsiyon batay sa resulta mula sa pahayag ng mga kalahok ayon sa kanilang kinakaharap sa pagtuturo ng Filipino 8.

Ang unang kolum ay ang temang nabuo batay sa isinagawang *thematic analysis* at ang ikalawang kolum ay ang deskripsiyon nito.

### **MUNGKAHING GAWAING INTERBENSIYON PARA SA MGA GURO SA FILIPINO 8**


Batay sa mga hamong lumitaw mula sa mga sagot sa pakikinayam sa mga guro sa Filipino 8 sa ilalim ng Enhanced MATATAG *Curriculum*, nabuo ang mga mungkahing interbensiyon ng pananaliksik na ito upang lalong mapahusay ang pagtuturo ng mga guro. Ang nabuong interbensiyon ay ang mungkahi para sa pagsasagawa ng buwanang Learning Action Cell (LAC) session ng mga guro. Sa konteksto ng Department of Education (DepEd) sa Pilipinas, ang Learning Action Cell (LAC) ay isang pamamaraan ng pagtutulungan ng mga guro upang patuloy na mahasa ang kanilang galing sa pagtuturo. Sa pananaliksik na ito, bumuo ng sampung awtput ang mananaliksik bilang mungkahing interbensiyon.

<b>Tema</b>	<b>Deskripsiyon</b>
Kakulangan sa intruksiyonal at kagamitang pampagtuturo	Binibigyang-diin nito ang kakulangan sa mga opisyal na materyales sa pagtuturo gaya ng mga modyul o libro at limitadong suportang administratibo mula sa kagawaran. Kasama rin dito ang pangangailangan para sa mas malawak at malalimang pagsasanay o mga seminar upang matiyak ang pantay na antas ng pagtuturo sa iba't ibang sangay.
Pedagohikal na Kompetensi at Adaptasyong Pampropesyonal	Tumutukoy ito sa hamon ng mga gurong nagtuturo sa labas ng kanilang espesyalisasyon. Halimbawa, <i>English majors</i> na nagtuturo ng Filipino na nahihirapang umangkop sa mas malalim na kasanayan at kritikal na pagsusuri na hinihingi ng bagong kurikulum. Nagdudulot ito ng limitadong pagtalakay sa mga aralin, lalo na sa mga bahagi ng panitikan na nangangailangan ng mataas na antas ng pag-unawa.
Pragmatikong Pakikiangkop at Pedagohikal na Pagbabago	Nakatuon ito sa pag-aangkop ng mga guro sa mas maikling oras ng klase (45 minuto) habang kailangang manatiling <i>learner-centered</i> at <i>performance-based</i> ang mga gawain. Kinapapalooban ito ng hamon sa pagpili ng mga <i>time-efficient</i> na estratehiya upang makuha ang lahat ng kompetensi sa gitna ng limitadong oras at makabagong paksang inilatag.

Inangkla sa *Deped Order no. 35 s. 2016* ang *template* ng binuong mungkahi para sa sesyon ng LAC na inayos sa paraang pinasimple upang lalong madaling maunawaan ng sinumang gagamit nito.

Ang estratehikong planong ito ay binuo upang magsilbing mekanismo ng suporta na direktang tumutugon sa mga gaps na lumitaw mula sa *thematic analysis*. Sa ilalim ng mungkahing ito, binibigyang-prioridad ang pagtugon sa Tema 1 (Kakulangan sa Instruksiyonal at Kagamitan sa Pagtuturo ) sa pamamagitan ng paglikha ng isang sentralisadong *Resource Bank* at paggamit ng mga alternatibong kagamitang pampagtuturo gaya ng mga tekstong multimodal at digital kagamitan upang punan ang kakulangan sa mga opisyal na modyul mula sa kagawaran.

Gayundin, ang interbensiyon ay nagsisilbing teknikal na lunas para sa Tema 2 (Pedagohikal na Kompetensi at Adaptasyong Pampropesyonal), partikular para sa mga gurong nagtuturo sa labas ng



kanilang larangan o mga *non-majors*. Sa pamamagitan ng mga nakapaloob na *Susing Pang-unawa at Mga layunin*, nilalayon nitong palakasin ang kasanayan ng mga guro sa pagsasagawa ng kritikal na pagsusuri sa panitikan at pagpapahalaga sa ugnayan ng wika at kultura. Ang bahaging ito ng interbensiyon ay nagbibigay ng sapat na oryentasyon upang mas maging kumpiyansa ang mga guro sa pagpapadaloy ng mga aralin sa Filipino 8 na may mataas na antas ng kasanayan, sa kabila ng kanilang orihinal na espesyalisasyon.

Tinutugunan ng awtput na ito ang Tema 3 (Pragmatikong Pakikiangkop at Pedagogikal na Pagbabago) sa pamamagitan ng pagpapakilala ng mga *time-efficient* ngunit interaktibong estratehiya sa pagtuturo. Sa halip na purong panayam na kumakain ng oras, ang interbensiyon ay nagmumungkahi ng mga estratehiya at gawain na gagawin ng guro sa kanilang pagtuturo na kayang isagawa sa loob ng limitadong 45 minutong pagtuturo bawat araw. Ang mga gawaing ito ay idinisenyo upang mapanatili ang pagiging *learner-centered* ng klase habang sinisigurong nakakamit ang mga kompetensi ng Enhanced MATATAG Curriculum. Sa madaling salita, ang mungkahing interbensiyon ay hindi lamang isang listahan ng sesyon, kundi isang holistikong solusyon na naglalayong gawing mas mapang-abot, praktikal, at epektibo ang pagtuturo ng mga guro sa Filipino 8 sa gitna ng mga hamong kanilang kinakaharap. Makikita sa apendiks P ang mungkahing interbensiyon na nabuo at nagsilbing awtput ng pananaliksik.

## **LAGOM NG PAG-AARAL**

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong suriin ang antas ng kahandaan ng mga guro sa Filipino 8 sa ikaanim na distrito ng Pangasinan para sa implementasyon ng Enhanced MATATAG *Curriculum*. Batay sa pagsusuri sa tatlong dalawang (32) kalahok, natuklasan na ang mga guro ay nagtataglay ng "Mataas na Kahandaan" na may pangkalahatang weighted mean na 4.39. Pinakamataas ang kanilang marka sa aspeto ng kumpiyansa sa pagtuturo, na nagpapatunay na positibo ang kanilang disposisyon at sikolohikal na paghahanda sa kabila ng mga pagbabago sa sistema ng edukasyon.

Gayunpaman, binigyang-diin sa pag-aaral na nahaharap pa rin ang mga guro sa mga seryosong hamon tulad ng kakulangan sa opisyal na materyal pampagtuturo at limitadong suportang teknikal mula sa kagawaran. Lumabas din sa istatistikal na pagsusuri na ang kahandaan ng isang guro ay hindi nakadepende sa kanilang edad, kasarian, o haba ng serbisyo, kundi sa isang kolektibong pagsusumikap. Dahil dito, iminumungkahi ng pag-aaral ang pagpapatatag ng mga School-Based Learning Action Cell (SLAC) at ang pagbuo ng mga lokalisdong kagamitan upang masigurong magiging epektibo at matagumpay ang pagpapatupad ng bagong *curriculum*.

## **MGA NATUKLASAN**

Batay sa isinagawang pagsusuri ng mga datos tungkol sa kahandaan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino 8 sa ilalim ng Enhanced MATATAG *curriculum* at paghihimay-himay ng mga pahayag hanggang sa pagbuo ng tema upang makita ang mga hamon ng mga guro at naging resulta ng pananaliksik, ang mga sumusunod ay ang mga natuklasan sa pag-aaral.

Ang mga gurong kalahok sa pag-aaral mula sa ika-anim na distrito ng Pangasinan ay nagpapakita ng isang matatag at kwalipikadong pangkat ng mga tagapagturo. Karamihan sa kanila ay may sapat na karanasan sa serbisyo at nagtataglay ng mga kinakailangang digri at espesyalisasyon, kung saan 84.4% ay may espesyalisasyon sa Filipino. Kapansin-pansin din ang kanilang inisyatiba sa propesyonal na pag-unlad, dahil marami sa kanila ang may Master's degree at aktibong dumadalo sa mga pagsasanay upang

makasabay sa mga pagbabago sa sistema ng edukasyon. Antas ng Kahandaan sa Pagbuo at Paggamit ng Materyal

Natuklasan sa pag-aaral na ang mga guro ay may "Mataas na Kahandaan" sa aspeto ng pagbuo at paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo, na may pangkalahatang mean score na 4.36. Pinakamataas ang kanilang marka sa epektibong paggamit ng mga lokal at kontekstwalisadong materyal (62.5% Lubos na Sumasang-ayon), na nagpapatunay na may kakayahan silang iangkop ang *curriculum* sa kultura at karanasan ng kanilang mga estudyante. Bagama't positibo ang resulta, lumabas na kailangan pa rin ng higit na atensyon sa pag-aangkop ng mga materyales para sa iba't ibang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral. Pagsasanay at Propesyonal na Pag-unlad

Ang mga guro ay nagpapakita ng mataas na antas ng dedikasyon at "emotional capital" sa pagharap sa reporma sa *curriculum*. Ayon sa datos, 68.8% ng mga guro ang nagpahayag ng matinding pagnanais na matuto pa tungkol sa bagong *curriculum*. Gayunpaman, mayroong tinatawag na "propesyonal na paradox" kung saan ang mataas na motibasyon ng mga guro ay tila hindi sapat na natutugunan ng suportang administratibo mula sa antas ng paaralan, na nakakuha lamang ng 28.1% sa kategoryang "Lubos na Sumasang-ayon". Kaalaman, Kasanayan, at Kumpiyansa sa Pagtuturo

Sa aspeto ng kaalaman at kasanayan, ang mga guro ay nakakuha ng weighted mean na 4.25, na nagpapahiwatig ng mataas na antas ng pag-unawa sa mga bagong metodolohiya ng MATATAG. Higit na kahanga-hanga ang antas ng kanilang kumpiyansa sa pagtuturo, na nakapagtala ng pangkalahatang mean na 4.61 o "Napakataas na Kahandaan". Ang lahat ng indikektor sa ilalim ng kumpiyansa ay nakakuha ng pinakamataas na frequency sa "Lubos na Sumasang-ayon," na nagpapakita ng matatag na paniniwala ng mga guro sa kanilang kakayahang maipatupad ang bagong *curriculum* nang mahusay. Ugnayan ng Propayl at Kahandaan


Batay sa estadistikang pagsusuri, lumabas na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng propayl ng mga guro (gaya ng edad, kasarian, karanasan, at antas ng edukasyon) at ng kanilang kabuuang antas ng kahandaan. Ipinapahiwatig nito na ang pagiging handa ng isang guro sa pagtuturo ng Filipino 8 sa ilalim ng MATATAG *Curriculum* ay hindi nakadepende sa kanilang demograpikong katangian, kundi maaaring mas nakaugat sa personal na inisyatiba, aktuwal na karanasan, at suportang natatanggap mula sa institusyon. Mga Hamon at Mungkahing Interbensyon

Sa kabila ng pangkalahatang "Mataas na Kahandaan" (Overall Mean na 4.39), nahaharap pa rin ang mga guro sa mga konkretong hamon tulad ng kakulangan sa sapat na materyal sa pagtuturo at limitadong oras para sa implementasyon. Bilang tugon, ang pananaliksik ay nagmumungkahi ng mga interbensyon gaya ng pagpapalakas ng Learning Action Cell (LAC) sessions at pagbuo ng monitoring committee sa antas ng distrito upang matiyak na ang mga susunod na hakbang at pagsasanay ng DepEd ay nakabatay sa tunay na pangangailangan ng mga guro.

## **KONKLUSYON**

Batay sa natuklasan sa pag-aaral na ito, ang mga sumusunod na konklusyon ay nabuo.

Ang mga guro sa Filipino 8 ay nagpapakita ng matatag na pundasyong propesyonal at akademiko, na pinatutunayan ng kanilang mataas na antas ng edukasyon at sapat na espesyalisasyon sa larangan. Ang



pagkakaroon ng maraming guro na may yunit o nakapagtapos ng Master's degree at may mahabang karanasan ay nagpapahiwatig na ang mga paaralan ay pinamamahalaan ng mga kwalipikadong tagapagturo na may kakayahang maghatid ng mataas na kalidad ng instruksiyon sa kabila ng mga pagbabago sa sistema.

Sa aspeto ng sikolohikal na kahandaan, ang mga guro ay nagtataglay ng "Napakataas na Kahandaan" pagdating sa kanilang kumpiyansa sa pagtuturo. Ang positibong disposisyong ito ay isang mahalagang salik dahil ipinapakita nito ang bukas na kaisipan at matibay na loob ng mga guro na yakapin ang mga bagong kompetensi at hamon na dala ng Enhanced MATATAG Curriculum.

Gayunpaman, resulta ng pag-aaral ay mayroong malinaw na puwang sa pagitan ng internal na kahandaan ng mga guro at ng panlabas na suportang teknikal at lohistikal. Ang kakulangan sa mga opisyal na kagamitang pampagtuturo at modyul mula sa kagawaran ay nagpipilit sa mga guro na maging mas mapamaraan o kaya ay bumalik sa tradisyonal na pamamaraan ng pagtuturo dahil sa kakapusan ng oras sa paghahanda.

Ang kahandaan sa bagong kurikulum ay lumalabas na isang kolektibong katangian na hindi direktang naiimpluwensyahan ng demograpikong propayl gaya ng edad o kasarian. Dahil dito, kinakailangan ang mas sistematikong suporta gaya ng pagpapatatag ng School-Based Learning Action Cell (SLAC) at pagbuo ng mga lokalisdong kagamitan upang ganap na matugunan ang mga hamon sa kaalaman at kasanayan sa kurikulum.

## REKOMENDASYON

Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral na ito, iminumungkahi ng mananaliksik ang mga sumusunod:

1. Bumuo ng lokalisdong banghay-aralin at imbakan ng materyal sa Filipino 8. Iminumungkahi ang pagtatatag ng isang digital na imbakan (Google Drive) sa dibisyon.
2. Magsagawa ng tiyak na paksa ng sesyon o palihan para sa mga hindi medyor sa Filipino. Ang mga sesyong ito ay dapat nakatuon sa pagtalakay ng Obra Maestrang Florante at Laura at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan mula sa Panahon ng Espanyol, Propaganda at Himagsikan hanggang Hapones.
3. Gumamit ng mga *blended learning techniques* o maaaring ibigay ang mga babasahin o video clips bago ang klase (flipped classroom) upang ang aktuwal na oras sa silid-aralan ay magamit na lamang sa kritikal na talakayan at *performance-based* na gawain.
4. Ang pamunuan ng paaralan ay dapat magbigay ng mas malakas na teknikal na suporta sa pamamagitan ng pagbili ng mga kagamitang teknolohikal at pagbibigay ng pagsasanay sa pagbuo ng tekstong multimodal.
5. Bumuo ng isang *monitoring committee* sa antas ng distrito o sangay upang suriin ang bisa ng mga ipapatupad na gawaing interbensiyon. Ang resultang datos mula sa pananaliksik na ito ay dapat gamitin bilang basehan para sa susunod na *Division Training Workshop*.
6. Ipagpatuloy pa ang pag-aaral at pagsusuri sa antas ng kahandaan ng mga guro hindi lamang sa asignaturang Filipino kundi sa mga iba pang asignatura.

**SANGGUNIAN**

- Abelgas, I., Castro, K., Centino, S. V., Peralta, K. K., & Cabanilla, A., Jr. (2024). The 5T's in implementing MATATAG curriculum during short class: Teacher's experiences. *International Journal of Multidisciplinary Research and Growth Evaluation*, 5(5), 1324–1329. [https://www.allmultidisciplinaryjournal.com/uploads/archives/20241224190734\\_F-24-213.1.pdf](https://www.allmultidisciplinaryjournal.com/uploads/archives/20241224190734_F-24-213.1.pdf)
- Abragan, F. Q., Abarcas, V., Aquino, I. M., & Bagongon, R. E. (2022). Research review on K-12 curriculum implementation in the Philippines: A generic perspective. *European Journal of Educational and Social Studies*, 7(1), 1–6.
- Acosta, I. C., & Acosta, A. S. (2017). A mixed methods study on teachers' perceptions of readiness of higher education institutions to the implementation of the K-12 curriculum. *Universal Journal of Educational Research*, 5(7), 1215–1222. <https://doi.org/10.13189/ujer.2017.050714>
- Adie, L. (2013). The development of teacher assessment identity through participation in online moderation. *Assessment in Education: Principles, Policy & Practice*, 20(1), 91–106. <https://doi.org/10.1080/0969594X.2011.650150>
- Aguas, M. (2023). Curriculum congestion, resource limitations, and teacher preparedness: Challenges to the K to 12 program's effectiveness. *International Journal of Educational Development*, 45(3), 123–135. <https://doi.org/10.1016/j.ijedudev.2023.03.001>
- Ahmed, R., & Hassan, M. (2024). Teaching excellence best practices for educators. ResearchGate. [https://www.researchgate.net/publication/388392406\\_Teaching\\_Excellence\\_Best\\_practices\\_for\\_educators](https://www.researchgate.net/publication/388392406_Teaching_Excellence_Best_practices_for_educators)
- Alcosero, A., Carcueva, H., Abasolo, M., Arranchado, W., & Cabanilla, A., Jr. (2023). Preparedness of regular teachers in the implementation of inclusive education in the Philippines: A meta-synthesis [Tesis/Disertasyon, ResearchGate]. <https://doi.org/10.13140/RG.2.2.17249.79205>
- Apuke, O. D. (2017). Quantitative research methods: A synopsis approach. *Kuwait Chapter of Arabian Journal of Business and Management Review*, 6(11), 40–47. <https://doi.org/10.12816/0040336>
- Atienza, M., Tenorio, M., Larazan, M., & Gamao, W. (2025). Teacher readiness in implementing the MATATAG curriculum in the South District Schools of Davao City, Davao del Sur. *Nexus International Journal of Science and Education*, 2(3), 115–128. <https://doi.org/10.5281/zenodo.16626096>
- Balansag, E., Garcia, R., Tardio, A., Sintos, K., & Lazaro, B. (2024). A new era of learning: The Matatag curriculum and its impact on fourth grade students' academic performance. *International Journal of Advanced Multidisciplinary Research and Studies*, 4(6), 1141–1152. <https://doi.org/10.62225/2583049x.2024.4.6.3565>
- Bayot, A. (2024). The readiness and challenges faced of grade 4 teachers in the implementation of MATATAG curriculum [Papel na Iniharap sa Kumperensya]. ResearchGate. [https://www.researchgate.net/publication/389735675\\_The\\_Readiness\\_and\\_Challenges\\_Faced\\_of](https://www.researchgate.net/publication/389735675_The_Readiness_and_Challenges_Faced_of)



---

\_Grade\_4\_Teachers\_in\_the\_Implementation\_of\_MATATAG\_Curriculum

- Bell, A., & Mladenovic, R. (2015). Situated learning, reflective practice and conceptual expansion: Effective peer observation for tutor development. *Teaching in Higher Education*, 20(1), 24–36. <https://doi.org/10.1080/13562517.2014.945163>
- Bernardo, A. S. (2020). Contextualization in teaching Filipino: Challenges and opportunities in the modern classroom. *Journal of Philippine Education*, 15(2), 45–60.
- Billett, S., Harteis, C., & Gruber, H. (2018). Developing occupational expertise through everyday work activities and interactions. In K. A. Ericsson, R. R. Hoffman, A. Kozbelt, & A. M. Williams (Eds.), *The Cambridge handbook of expertise and expert performance* (2nd ed., pp. 105–126). Cambridge University Press.
- Black, P., & Wiliam, D. (2006). Developing a theory of formative assessment. In J. Gardner (Ed.), *Assessment and learning* (pp. 81–100). Sage.
- Bond, M. (2023). Mentoring and coaching of teachers: What can research tell us? ResearchGate. <https://doi.org/10.13140/rg.2.2.15971.32800>
- Braun, V., & Clarke, V. (2006). Using thematic analysis in psychology. *Qualitative Research in Psychology*, 3(2), 77–101. <https://doi.org/10.1191/1478088706qp063oa>
- Braun, V., & Clarke, V. (2021). *Thematic analysis: A practical guide*. SAGE Publications.
- Brookhart, S. M. (2011). Educational assessment knowledge and skills for teachers. *Educational Measurement: Issues and Practice*, 30(1), 3–12. <https://doi.org/10.1111/j.1745-3992.2010.00195.x>
- Brown, G. T. L. (2004). Teachers' conceptions of assessment: Implications for policy and professional development. *Assessment in Education: Principles, Policy & Practice*, 11(3), 301–318. <https://doi.org/10.1080/0969594042000304609>
- Callo, E., & Yazon, A. (2020). Exploring the factors influencing the readiness of faculty and students on online teaching and learning as an alternative delivery mode for the new normal. *Universal Journal of Educational Research*, 8(8), 3509–3518. <https://doi.org/10.13189/ujer.2020.080826>
- Calpito, S. M. (2021). *Performans sa pagtuturo ng mga gurong hindi nagpapakadaubhasa sa Filipino* [Dinalathalang tesis]. Pangasinan State University.
- Caspe, G. M. F., & Sarrosa, A. J. V. (2025). Teacher readiness for the implementation of enhanced K-10 curriculum: Basis for support mechanism program. *International Journal of Research and Innovation in Social Science*, 9(6), 2308–2345. <https://doi.org/10.47772/ijriss.2025.906000178>
- Coombs, A. J., DeLuca, C., & MacGregor, S. (2020). A person-centered analysis of teacher candidates' approaches to assessment. *Teaching and Teacher Education*, 87, Article 102952. <https://doi.org/10.1016/j.tate.2019.102952>



- 
- Creswell, J. W., & Plano Clark, V. L. (2018). *Designing and conducting mixed methods research* (3rd ed.). SAGE Publications.
- Darling-Hammond, L. (2000). Teacher quality and student achievement. *Education Policy Analysis Archives*, 8, Article 1. <https://doi.org/10.14507/epaa.v8n1.2000>
- De Jesus, R. (2024). Pag-aaral sa karanasan ng guro sa pribadong paaralan: Hamon sa out-of-field teaching. *Philippine Journal of Educational Research*, 20(2), 234–256.
- Demate, D. R. B., Aclis, M. S., Catbagan, F. C. P., Molina, G. G., Ramos, N. U., & Patacsil, F. (2025). Teacher perspectives on MATATAG curriculum: Challenges and collaborative solutions. *Multidisciplinary Reviews*, 8(11), Article 2025351. <https://doi.org/10.31893/multirev.2025351>
- Department of Education. (2023). *MATATAG curriculum: Curriculum guide for grades 1, 4, and 7 (Pilot implementation)*.
- Department of Education. (2024). DepEd Order No. 10, s. 2024: *Implementing guidelines on the MATATAG curriculum*.
- Donnelly, R. (2007). Perceived impact of peer observation of teaching in higher education. *International Journal of Teaching and Learning in Higher Education*, 19(2), 117–129.
- Elardo, A. L. A. (2025). Teachers' preparedness, needs and challenges in the implementation of Matatag curriculum. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies*, 5(5), 334–337. <https://doi.org/10.47760/cognizance.2025.v05i05.020>
- Endot, Z., Jamaluddin, R., Mohd Ayub, A. F., & Mohd Puad, M. H. (2021). Teacher readiness in implementing the teaching of design and technology and its relationship with self-efficacy and intrinsic motivation. *International Journal of Human Resource Studies*, 11(4S), Article 111. <https://doi.org/10.5296/ijhrs.v11i4S.19234>
- Escanda, M. (2025). Research-based instructional strategies, professional competence, and pedagogical approaches. *International Multidisciplinary Research Journal*, 6(1), 45–58. <http://dx.doi.org/10.54476/ioer-imrj/636674>
- Estrellado, C. J. (2023). MATATAG curriculum: Why curriculum [must] change?. *Journal of Interdisciplinary Perspectives*, 2(1), 6–10. <https://doi.org/10.5281/zenodo.10336930>
- Fraenkel, J. R., & Wallen, N. E. (2019). *How to design and evaluate research in education* (7th ed.). McGraw-Hill Higher Education.
- Fullan, M. (2016). *The new meaning of educational change* (5th ed.). Teachers College Press.
- Fullan, M. (2020). *The new meaning of educational change* (6th ed.). Teachers College Press.
- Garma, J. (2024). Beyond the four walls: Teacher's experiences in championing the MATATAG curriculum. *International Multidisciplinary Journal of Research for Innovation, Sustainability, and*



- Excellence, 1(9), 39–44. <https://risejournals.org/index.php/imjrise/article/view/652>
- Goring, D. (2014). Collaborative peer-supported review of teaching. In J. Sachs & M. Parsell (Eds.), *Peer review of learning and teaching in higher education* (pp. 13–31). Springer.
- Gulo, F. (2024). Teachers' role and the development of curriculum. *Sintaksis: Publikasi Para Ahli Bahasa dan Sastra Inggris*, 2(1), 226–230. <https://doi.org/10.61132/sintaksis.v2i1.373>
- Guskey, T. R. (2002). Professional development and teacher change. *Teachers and Teaching*, 8(3), 381–391. <https://doi.org/10.1080/135406002100000512>
- Gutierrez, D. (2024). Assessing teacher preparedness and training for the implementation of the MATATAG curriculum at Calubcob I National High School [Tesis/Disertasyon, ResearchGate]. <https://doi.org/10.13140/rg.2.2.25744.42242>
- Hammersley-Fletcher, L., & Orsmond, P. (2004). Evaluating our peers: Is peer observation a meaningful process? *Studies in Higher Education*, 29(4), 489–503. <https://doi.org/10.1080/0307507042000236380>
- Hammersley-Fletcher, L., & Orsmond, P. (2005). Reflecting on reflective practices within peer observation. *Studies in Higher Education*, 30(2), 213–224. <https://doi.org/10.1080/03075070500043358>
- Jaca, C., & Lopez-Baroman, J. (2021). Challenges and extent of readiness among teachers in the implementation of the kindergarten curriculum in select public elementary schools in the Philippines. *International Journal of Elementary Education*, 10(4), 134–142. <https://doi.org/10.11648/j.ijeedu.20211004.15>
- Jamil, N. D. M., Aslam, N. M., & Shahzad, N. A. (2024). Technology integration in teaching and learning: Exploring prospective teachers' perceptions, practices and challenges. *Indus Journal of Social Sciences*, 2(2), 520–529. <https://doi.org/10.59075/ijss.v2i2.346>
- John, C. D., Maria, C. R., Santos, H. A., Ampong, C., Dainie, P., Mejos, J., & Monreal, A. (2025). Evaluating teachers' perceptions on the first year of MATATAG curriculum implementation among selected schools: A quantitative analysis [Tesis/Disertasyon, ResearchGate]. <https://doi.org/10.13140/rg.2.2.26101.69605>
- Johnson, R. B., & Onwuegbuzie, A. J. (2004). Mixed methods research: A research paradigm whose time has come. *Educational Researcher*, 33(7), 14–26. <https://doi.org/10.3102/0013189x033007014>
- Katal, A., Singh, V., Choudhury, T., & Imran, F. (2022). Enhancing teaching and learning through peer observation: An Indian case study. *Education Research International*, 2022, Article 7825178. <https://doi.org/10.1155/2022/7825178>
- Kell, C., & Annetts, S. (2009). Peer review of teaching embedded practice or policy-holding complacency? *Innovations in Education and Teaching International*, 46(1), 61–70. <https://doi.org/10.1080/14703290802646156>



- 
- Kilag, O. K. (2024). Innovative practices for 21st century education: The future of education through technology and inclusivity. *International Multidisciplinary Journal of Research for Innovation, Sustainability, and Excellence*, 1(12), 45–56. <https://risejournals.org/index.php/imjrise/article/view/883>
- Klinger, D. A., McDivitt, P. R., Howard, B. B., Munoz, M. A., Rogers, W. T., & Wylie, E. C. (2015). *The classroom assessment standards for PreK–12 teachers*. Kindle Direct Press.
- Koehler, M. J., Mishra, P., Akcaoglu, M., & Rosenberg, J. M. (2013). *The technological pedagogical content knowledge framework for teachers and teacher educators*. Michigan State University.
- Lagcao, A., Toquero, C., & Tusoy, C. (2023). Predicting success of teacher candidates: Academic performance and licensure examination of BEED graduates from 2017 to 2019. *Western Asian Journal of Educational Sciences and Practice*, 2(1), 1–7. <http://dx.doi.org/10.57040/wajesp.v2i1.375>
- Linggas, K. S. E. (2025). Professional development, readiness of teachers and performance of learners in the MATATAG curriculum. *International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies*, 5(1), 20–35.
- Lopez, M., & Rivera, L. (2023). Curriculum change in the Philippines: A review of teacher readiness and challenges. *Philippine Educational Review*, 18(3), 112–128.
- Lorono, R. (2025). MATATAG curriculum implementation: Teachers’ readiness, challenges, and recommendations. *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal*, 47(2), 127–137. <https://doi.org/10.70838/pemj.470201>
- Mabanag, R., Delicana, A., Igot, P., Sitoy, R., Tandag, J., Mangubat, R., & Linco, D. (2024). Teacher readiness and challenges in inclusive classrooms. *World Journal on Education and Humanities Research*, 4(4), 180–192. <https://doi.org/10.30076/wjher.4.4>
- Manzano, K., & Dela Cruz, R. (2022). Evaluating teacher performance: Challenges in IPCRF ratings. *Educational Measurement Quarterly*, 5(1), 19–34.
- Maraveles, J., & Ducot, L. (2025). Challenges encountered by teachers in the implementation of the MATATAG curriculum. *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal*, 40(5), 723–732. <https://doi.org/10.70838/pemj.400510>
- Mondal, N., & Das, A. G. (2021). Overview of curriculum change: A brief discussion. *EPR International Journal of Multidisciplinary Research*, 7(3), 45–52. <https://doi.org/10.36713/epra2013>
- Montilla, E. D. T., Olan, C. L., Oring, M. D. R., & Tagarao, M. (2025). Teachers’ preparedness for the Matatag curriculum: Implication to lokalisdong implementation. *International Journal of Scientific and Research Publications*, 15(4), 23–39. <https://doi.org/10.29322/ijsrp.15.04.2025.p16004>
- Nesas, F., Jr. (2025). Mga guro sa Filipino na nagtuturo ng asignaturang di-Filipino: Isang multiple case na
-



- 
- pananaliksik. *Journal of Language and Literature Education*, 5(1), 1–25.
- Panol, R. F., Caballes, D. G., & Vasquez, A. G. (2020). Teachers' readiness level on online teaching: Embracing distance learning modality. *CiiT International Journal of Software Engineering and Technology*, 12(4), 75–82.
- Ramos, J., Gutierrez, P. L., & Oldroyd, J. C. (2021). Quantitative methods. In *Global Encyclopedia of Public Administration, Public Policy, and Governance* (pp. 1–6). Springer. [https://doi.org/10.1007/978-3-319-31816-5\\_460-1](https://doi.org/10.1007/978-3-319-31816-5_460-1)
- Ramos, P., & Cruz, M. (2023). Student learning outcomes under the MATATAG curriculum: Insights from teachers in the field. *Journal of Educational Research*, 10(2), 44–60.
- Resoor, N. Q. (2023). Challenges encountered by teachers in the implementation of senior high school curriculum. *European Journal of Applied Sciences*, 17(4), 30–54. <https://doi.org/10.14738/aivp.114.14793>
- Reyes, M. T., & Garcia, L. C. (2021). Digital literacy and readiness of secondary teachers in the new normal. *Philippine Journal of Educational Research and Development*, 8(1), 12–28.
- Salazar, T., & Santos, M. (2024). Parental involvement in curriculum change: Lessons from the MATATAG curriculum rollout. *Journal of Family and Education*, 12(1), 71–85.
- Saro, J. M., Montejo, C. B., Sucong, J. A., Bustamante, M. F. O., & Perez, J. B. (2024). A qualitative exploration on the perceived impact of the MATATAG curriculum on basic education teaching in the school year 2024-2025. *International Journal of Advanced Multidisciplinary Research and Studies*, 4(4), 952–966. <https://doi.org/10.62225/2583049x.2024.4.4.3134>
- Scherer, R., & Siddiq, F. (2020). All the same or different? Revisiting measures of teachers' technology acceptance. *Computers & Education*, 143 backstage, Article 103656. <https://doi.org/10.1016/j.compedu.2019.103656>
- Schön, D. A. (1983). *The reflective practitioner: How professionals think in action*. Basic Books.
- Schön, D. A. (1987). *Educating the reflective practitioner*. Jossey-Bass.
- Sepiawardani, N., & Bektiningsih, K. (2023). Review of teacher readiness in implementing Merdeka curriculum at public elementary schools. *Jurnal Pendidikan dan Pengajaran*, 56(3), 533–542. <https://doi.org/10.23887/jpp.v56i3.67628>
- Shah, R., & Sawant, S. (2025). Awareness and practice of home modifications for fall prevention among the elderly population in urban Pune: A randomized cross-sectional survey. *Journal of Mid-life Health*, 16(3), 328–335. [https://doi.org/10.4103/jmh.jmh\\_60\\_25](https://doi.org/10.4103/jmh.jmh_60_25)
- Shulman, L. S. (1987). *Knowledge and teaching: Foundations of the new reform*. *Harvard Educational Review*, 57(1), 1–22.
-



- 
- Smith, C. (2025). Challenges in English language education in Japan: Policy vs. practice. *European Journal of Education and Pedagogy*, 6(2), 53–63. <https://doi.org/10.24018/ejedu.2025.6.2.912>
- Stigler, J. W., & Miller, K. F. (2018). Expertise and expert performance in teaching. In K. A. Ericsson, R. R. Hoffman, A. Kozbelt, & A. M. Williams (Eds.), *The Cambridge handbook of expertise and expert performance* (2nd ed., pp. 431–452). Cambridge University Press.
- Tajik, O., Golzar, J., & Noor, S. (2024). Purposive sampling. *International Journal of Education and Language Studies*, 2(1), 1–9. <https://doi.org/10.22034/ijels.2025.490681.1029>
- Tohamba, C. P. P., & Ansyar, M. (2025). Teachers' readiness for implementing the Merdeka curriculum in English instruction. *Contemporary Education and Community Engagement*, 2(1), 20–29. <https://doi.org/10.12928/cece.v2i1.1138>
- Tsui, A. B. M. (2005). Expertise in teaching: Perspectives and issues. In K. Johnson (Ed.), *Expertise in second language learning and teaching* (pp. 167–189). Palgrave Macmillan.
- UNESCO. (2021). *Inclusive education and teacher training: Global perspectives on diverse classrooms*. UNESCO Publishing.
- Villaver, M., Kilag, O., Andrin, G., Abellanosa, C., & Uy, F. (2024). MATATAG curriculum rollout: Understanding challenges for effective implementation. *International Multidisciplinary Journal of Research for Innovation, Sustainability, and Excellence*, 7(5), 112–125. <https://doi.org/10.5281/zenodo.11183037>
- William, B., Olamide, T., & Dami, F. (2025). The role of teacher competence and training in enhancing literacy proficiency in Philippine public schools. ResearchGate. [https://www.researchgate.net/publication/388174892\\_The\\_Role\\_of\\_Teacher\\_Compentence\\_and\\_Training\\_in\\_Enhancing\\_Literacy\\_Proficiency\\_in\\_Philippine\\_Public\\_Schools](https://www.researchgate.net/publication/388174892_The_Role_of_Teacher_Compentence_and_Training_in_Enhancing_Literacy_Proficiency_in_Philippine_Public_Schools)
- Xu, Y., & Brown, G. T. L. (2016). Teacher assessment literacy in practice. *Teaching and Teacher Education*, 58, 149–162. <https://doi.org/10.1016/j.tate.2016.05.010>
- Zeng, L. M. (2020). Peer review of teaching in higher education: A systematic review of its impact on the professional development of university teachers from the teaching expertise perspective. *Educational Research Review*, 31, Article 100333. <https://doi.org/10.1016/j.edurev.2020.100333>